ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • DISYEMBRE 2020

Liahona

Bakit Natin Kailangan si Jesucristo

p. 12

Kapag Naging Taos-puso ang Nakaatas na Ministering, pahina 18

Paano Nagpakita si Cristo ng Pagmamahal sa mga Taong ang Pakiramdam ay Pinabayaan na Sila, pahina 24

Apat na Paraan para Matanggap ang Handog na Pagmamahal ng Diyos, pahina 28

NARITO
ANG
SIMBAHAN

Rio de Janeiro

Brazil



Ang Rio de Janeiro ay isa lamang sa maraming sentro ng kalakasan para sa Simbahan sa Brazil. Malapit nang ilaan ang isang templo sa Rio. Narito ang ilang impormasyon tungkol sa Simbahan sa Brazil.

1.4 na milyong mga miyembro (1 sa 151 na mga Brazilian ay Banal sa mga Huling Araw, o 0.67 porsiyento ng populasyon sa bansa)

273 mga stake

2,111 mga kongregasyon

355 mga family history center

6 na templo

35 na mission

1929	Unang mga nabinyagan sa Brazil
1966	Nilikha ang unang stake, sa São Paulo
1978	Inilaan ang São Paulo Brazil Temple, ang unang templong itinayo sa South America
2001	Pinarangalan ng pamahalaang pambansa ang Relief Society

Pagbabahagi ng Liwanag ng Tagapagligtas sa Pasko
8

Paglilingkod sa Lahat
Elder Richard Neitzel Holzapfel
18

Bakit Natin Kailangan si Jesucristo
Elder D. Todd Christofferson
12

Tanggapin ang Handog
Jakob R. Jones
28

Ang Ebanghelyo: Isang Angkla sa Panahon ng Pagbabago

Naranasan natin sa 2020 ang mga kalamidad na dulot ng kalikasan at ang isang pandaigdigang pandemya. Pinag-aralan natin ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* kasama ng ating mga kapatid sa malalapit at malalayong lugar. Nagkaisa tayo sa buong mundo sa pag-aayuno at pananampalataya.

Sa pabagu-bagong mundo, maaari nating iangkla ang ating kaluluwa sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo. Umaasa kami na ang mga ito at ang iba pang mga artikulo sa isyung ito ay tutulong sa inyo na madama ang diwa ng Pasko, ang Espiritu ng Panginoon:

- Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson kung bakit kailangan natin ng Tagapagligtas (tingnan sa pahina 12).
- Sa "Pagbabahagi ng Liwanag ng Tagapagligtas sa Pasko," nagmungkahi kami ng ilang ideya para sa paglilingkod sa Kapaskuhan (tingnan sa pahina 8).
- Isinulat ni Jakob Jones ang tungkol sa apat na kaloob na maibibigay natin sa Panginoon para maanyayahan ang kaloob na Espiritu Santo sa ating buhay (tingnan sa pahina 28).
- Sa simula ng taong ito, inaprubahan ng Unang Panguluhan ang paglalathala ng tatlong bagong magasin ng Simbahan, na magsisimula sa susunod na buwan: isa para sa matatanda, isa para sa kabataan, at isa para sa mga bata. Ang mga magasing ito ay makukuha sa maraming wika, ihahatid nito ang ebanghelyo sa mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo. Sa pamamagitan ng mga bagong magasing ito, patuloy nating maririnig ang tinig ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga tagapaglingkod at makauugnay tayo sa bawat isa bilang mga miyembro ng isang pandaigdigang Simbahan. (Alamin ang iba pa sa pahina 6.)

Maligayang Pasko mula sa mga kawani ng *Liahona*

Mga Nilalaman

5 **Maaari Mong Bigyang-Liwanag ang Mundo**

6 **Pananabik sa Tatlong Bagong Magasin**
Mga kapana-panabik na pagbabago sa *Liahona* sa susunod na taon!

8 **Mga Alituntunin ng Ministering**
Pagbabahagi ng Liwanag ng Tagapagligtas sa Pasko
Ang Kapaskuhan ay nagbibigay sa atin ng mga kakaibang paraan ng paglilingkod.

12 **Bakit Natin Kailangan si Jesucristo**
Ni Elder D. Todd Christofferson
Bawasan ang gumagambala sa Kapaskuhang ito at pagnilayan ang tungkol sa Anak ng Diyos.

18 **Paglilingkod sa Lahat**
Ni Elder Richard Neitzel Holzapfel
Paano maglingkod sa iba sa likas at normal na paraan.

24 **Mas Mapalapit: Magmahal na Tulad ng Ginawa ng Tagapagligtas**
Nina Becky at Bennett Borden
Marami tayong matututuhan mula sa halimbawa ng Tagapagligtas sa pakikipag-ugnayan sa iba.

28 **Tanggapin ang Handog**
Ni Jakob R. Jones
Apat na paraan para madama ang pag-ibig ng Diyos—ang tunay na regalo ng Pasko.

32 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
Pagtulong sa mga refugee at sa mga walang tirahan sa France; ang pag-alaala sa mga sinagot na panalangin sa bilangguan; pagpiling magbayad ng ikapu; pagkakaroon ng isang malungkot na espirituwal na impresyon.

36 **Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin: Aklat ni Mormon**
Ang mga lingguhang artikulong ito ay makasusuporta sa iyong pag-aaral ng Aklat ni Mormon sa buwang ito.

40 **Paano Ko Kakausapin ang Aking mga Anak tungkol sa Ebanghelyo sa mga Karaniwang Paraan?**
Ang pagtalakay ng ebanghelyo ay hindi kailangang maging masyadong seryoso o formal.

Maiikling Babasahin

Suporta sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*

Sa Pabalat
Adoration of the Infant Jesus [Pagsamba sa Sanggol na si Jesus], ni Matthias Stomer, Bridgeman Images.

Mga Bahagi

Mga Young Adult

42

Maaari tayong masaktan ng social media kapag hinahatulan natin ang iba sa masamang paraan o inihahambing natin ang ating sarili sa iba. Alamin kung paano natin **gagawing positibo ang impluwensya ng social media.**



Mga Kabataan

50

Nabigo, pagkatapos ay **pinagpala, sa Kapaskuhan;** ibinabahagi ng ilang kabataan ang mga **espirituwal na kaloob** na natanggap nila; ang artipisyal na liwanag ay maaaring maglayo sa atin sa **Liwanag ni Cristo;** at ang **mga karanasan ni Moroni** ay nagtuturo sa atin ng mga aral sa buhay.

Mga Bata

Kaibigan

Matuto tungkol sa **mga regalo** na maaari nating ibigay at matanggap.

MGA ARTIKULONG DIGITAL LAMANG PARA SA DISYEMBRE

Banayad na mga Pagpapala ng Ikapu

Ni Kimberly Jensen

Maraming pagkakataon na maliit ngunit mabisa ang mga pagpapala ng ikapu.

Labanan ang Kalungkutan sa Pamamagitan ng Pakikipag-ugnayan kay Cristo

Ni Kylie Parrish

Nagbahagi ng ideya ang isang young adult tungkol sa pagtutuon sa Taga-pagligtas sa kung minsa'y ganitong panahon ng kalungkutan.



Nahihirapang Pag-aralan ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* nang Mag-isa? Narito ang Ilang Tip para sa Bagong Taon

Ni Annelise Gardiner

Nagbahagi ng mga ideya ang isang young adult kung paano mas matututo mula sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* kapag mag-isa kang nag-aaral.

HANAPIN ANG IBA PA

Sa Gospel Library app o sa liahona.ChurchofJesusChrist.org, maaari mong:

- Hanapin ang kasalukuyang isyu.
- Tuklasin ang mga artikulong digital lamang.
- Hanapin ang mga nakaraang isyu.
- Isumite ang iyong mga kuwento at feedback.
- Mag-subscribe o magbigay ng regalong suskrisyon sa iba.
- Paghusayin ang pag-aaral gamit ang digital tools.
- Magbahagi ng mga paboritong artikulo at video.
- I-download o i-print ang mga artikulo.
- Pakinggan ang mga paborito mong artikulo.

KONTAKIN KAMI

Magpadala ng mga tanong at feedback sa liahona@ChurchofJesusChrist.org.

Ipadala ang iyong mga kuwento sa liahona.ChurchofJesusChrist.org o sa:
Liahona, flr. 23
50 E. North Temple Street
Salt Lake City, UT 84150-0023, USA

DISYEMBRE 2020 TOMO 23 BLG. 12
LIAHONA 16727 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

Patnugot: Randy D. Funk

Mga Tagapayo: Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Walter F. González, Larry S. Kacher, Jan E. Newman, Adrián Ochoa, Michael T. Ringwood, Vern P. Stanfill

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton

Direktor ng Mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Tagapamahala ng Business: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson

Katuwang ng Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Katuwang sa Paglalathala: Enish C. Dávila

Pagsulat at Pag-edit: David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Garrett H. Garff, Jon Ryan Jensen, Aaron Johnston, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Lori Fuller Sosa, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Desinyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Aleni Regehr, Mark W. Robison, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala ng Produksyon: Ammon Harris

Produksyon: Ira Glen Adair, Julie Burdett, José Chavez, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrissa M. Smith

Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis

Direktor sa Distribusyon: Nelson Gonzalez

Mailing address: *Liahona,* Fl. 23, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0023, USA.

Ang *Liahona* (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2020 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng America.

Impormasyon sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa Liahona para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 5, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ChurchofJesusChrist.org.

For Readers in the United States and Canada: December 2020 Vol. 23 No. 12. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (American Express, Discover, MasterCard, Visa) may be taken by phone or at store.ChurchofJesusChrist.org. (Canada Post Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

MAAARI MONG BIGYANG-LIWANAG ANG MUNDO

Habang ipinagdiriwang ninyo ang pagsilang at buhay ni Jesucristo sa buwang ito, narito ang ilang ideya para matulungan kayong kausapin ang iba at ibahagi ang liwanag na hatid Niya sa inyong buhay.

IBAHAGI ANG *THE CHRIST CHILD* VIDEO

- Ibahagi ang video sa social media.
- Ipalabas ito sa inyong tahanan kasama ang mga kaibigang iba ang relihiyon.
- Ibahagi ito sa isang estranghero sa bus.
- Gamitin ito sa isang home evening lesson.

BISITAHIN ANG MAYSAKIT AT NAGDURUSA

- Magbuo ng mga hygiene kit.
- Mag-ukol ng oras sa mga taong maysakit.
- Itanong kung paano ka makakatulong.
- Magbigay sa isang kawanggawa.

PAKAININ ANG NAGUGUTOM

- Magboluntaryo sa pagpapakain sa mga nagugutom.
- Sumali sa pangangalap ng pagkain para sa mga nagugutom.
- Maghatid ng pagkain sa isang tao.
- Anyayahan ang isang tao sa hapunan sa Pasko.

RETRATO NG MGA TAONG NAGSISILBI NG PAGKAIN MULA SA GETTY IMAGES

ALIWIN ANG NALULUMBAY

- Tabihan sa upuan ang isang taong nag-iisa.
- Bisitahin ang isang taong namumuhay nang mag-isa.
- Anyayahan sa iyong tahanan ang mga taong nalulumbay.
- Magkaroon ng isang bagong kaibigan.



ANYAYAHAN ANG MGA TAO SA SIMBAHAN

- Ipagdasal na malaman kung sino ang aanyayahan.
- Anyayahan ang iba sa espesyal na serbisyo sa Pasko sa Disyembre 20.
- Mag-anyaya nang personal at sa pamamagitan ng social media.
- Anyayahan ang mga kaibigan sa mga aktibidad sa Pasko.

Pag-asam sa Tatlong Bagong Magasin

Ang mga pagbabago sa mga magasin ng Simbahan ay hudyat sa buong mundo na lumalago ang Simbahan.

Tulad ng banal na kompas na pinagkunan ng pangalan nito (tingnan sa Alma 37:38–45), layon ng magasing *Liahona* na ituro ang mga mambabasa nito sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ngayon ay sinisimulan nito ang isang bagong kabanata bilang bahagi ng kapana-panabik na mga pagbabago sa mga lathalain ng Simbahan.

Simula sa susunod na buwan, ang Simbahan ay maglalathala ng tatlong bagong pandaigdigang mga magasin: ang *Liahona* para sa matatanda, ang magasing *Para sa Lakas ng mga Kabataan* para sa mga kabataan, at ang magasin na *Kaibigan* para sa mga bata. Depende sa wika, ang mga magasin ay makukuha buwan-buwan o kada dalawang buwan.

Kung ikaw ay kasalukuyang subscriber ng *Liahona*, ang iyong suskrisyon ay awtomatikong magpapatuloy sa susunod na taon para sa anumang nalalabing panahon ng iyong suskrisyon. Kung nais ng inyong pamilya na makatanggap ng mga magasing *Kaibigan* o *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, maaari kayong magsubscribe sa isang lokal na distribution center o sa store.ChurchofJesusChrist.org.

Ang mga ward at branch ay hihikayating maglaan ng mga suskrisyon sa mga bagong binyag na miyembro gayundin sa mga bata at kabataan na nagsisimba nang hindi kasama ang kanilang mga magulang. Tingnan ang mga tampok na ito sa magasin at isipin kung paano kayo mapagpapala ng mga ito at ang inyong pamilya, at mga kaibigan.



Ang *Liahona:*
Para sa Matatanda

Mga mensahe mula sa mga pinuno ng Simbahan

Mga karanasan mula sa matatapat na miyembro

***Mga artikulong makakatulong sa pag-aaral ng* Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin**

Mahahalagang alituntunin ng ebanghelyo para sa mga bagong miyembro

Paningit at tampok na mga balita mula sa inyong lugar



Tingnan sa pahina 50 ng isyung ito para malaman pa ang tungkol sa bagong magasin na para sa mga kabataan.

Magasin na *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: Para sa mga tinedyer

Mga mensahe mula sa mga pinuno ng Simbahan

Mga pakay-aralin para sa home evening

Mga sagot sa mga tanong mula sa mga kabataan

Mga artikulo tungkol sa media, mga pamantayan, mga kaibigan, at iba pang mga kaugnay na paksa





DROVING NG LIAHONA NA GAWA NI BETH WHITAKER

Ang *Kaibigan:* Para sa mga Bata

Mga mensahe mula sa mga pinuno ng Simbahan

Mga aktibidad para sa nakababatang mga bata

Mga kuwentong isinulat ng mga bata

Mga artikulong nagpapatatag sa pag-unawa sa ebanghelyo

Gawang-sining ng mga bata







Maaari kang mag-subscribe sa mga nakalimbag na magasin o magbigay ng regalong suskrisyon sa **store.ChurchofJesusChrist.org.** Maaari mong basahin ang mga magasin sa digital format sa Gospel Library app o sa **liahona.ChurchofJesusChrist.org.**

Mga Alituntunin ng Ministering

PAGBABAHAGI NG LIWANAG NG TAGAPAGLIGTAS SA PASKO

Isipin ang mga taong kabilang sa ministering assignment mo. Paano mo sila matutulungang maging mas malapit kay Cristo sa Paskong ito?

Bagama't naaalala natin ang Tagapagligtas na si Jesucristo nang buong taon, ang Pasko ang panahon na ipinagdiriwang natin ang pinakadakilang kaloob na ibinigay: "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak" (Juan 3:16). Sa paglilingkod natin sa Pasko, makapagbibigay din tayo ng mga kaloob na tumutulong sa iba na mas mapalapit sa Tagapagligtas. Napakasayang isipin ang ating sarili na nagbibigay ng kaloob na katulad ng ibinigay ng Ama sa Langit.

Itinatangi Ko pa rin ang Regalo

Susan Hardy, California, USA

Noong 11 taong gulang ako, ang aking Sunday School teacher na si Brother Deets ay nagsabi sa aming klase na kung maisasaulo namin ang mga Saligan ng Pananampalataya at maipapaliwanag sa kanya ang kahulugan ng mga ito, ibibili niya kami ng sarili naming set ng mga banal na kasulatan.

Sina Brother at Sister Deets ay isang bata pang mag-asawa na nagsisimula pa lamang. Hindi ako sigurado kung kaya

LARAWAN NG KAPANGANAKAN NA KUHA NI NILTZA BEATRIZ SANTILLAN CASTILLO

ni Brother Deets na bumili ng regalo para kaninuman. Ngunit nagpasiya ako na kung iniisip niyang mahalagang isaulo ang mga Saligan ng Pananampalataya, tatanggapin ko ang hamon.

Nang matapos ko ang lahat ng 13 talata, lumipas ang panahon at nalimutan ko ang kanyang pangako.

Pagkatapos, sa araw ng Pasko, nakatanggap ako ng package na may nakasulat na pangalan ko. Binuksan ko ito at nakita ko ang isang set ng mga banal na kasulatan para lamang sa akin, na may card na naghihikayat sa akin na basahin nang regular ang mga ito. Iyan ay noong 1972, at hanggang sa araw na ito ay nasa akin pa rin ang mga banal na kasulatang iyon. Napakahalaga ng mga ito sa akin.

Hindi ang presyo ng regalo kundi ang kabaitang ipinakita niya sa akin at ang sakripisyong handa niyang gawin para sa akin ang nagbigay sa akin ng matinding hangaring pag-aralan ang salita ng Diyos. Sinisikap kong tularan ang halimbawa ng paglilingkod ni Brother Deets sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga makabuluhang regalo sa mga tao sa paligid ko, umaasang mapagpapala ko ang buhay ng iba tulad ng pagpapala niya sa akin.

Isang Paanyayang Gawin ang Bahagi

Richard M. Romney, Utah, USA

Noong hiniling sa akin ng mga nagpaplano ng ward Christmas party na bisitahin ang isang hindi aktibong miyembro at anyayahan itong sumali sa programa, aaminin ko na kinabahan ako. Isang beses ko pa lang nakita si Darren noon, nang sumali siya sa isang naunang aktibidad sa ward. Nakasuot siya noon ng motorcycle headband sa noo niya. Nakatali ang mahaba at puti niyang buhok, mayroon siyang malagong puting balbas, at puno ng tato ang kanyang mga braso.

Ngayon, kasama ang isang miyembro ng komite, nakatayo ako sa pintuan ni Darren, iniisip kung ano kaya ang sasabihin niya. Pinapasok niya kami, at sinabi namin sa kanya kung bakit kami naroon. Sabi niya, "Ah, gusto kong gawin iyon!"

Magaling ang ginawa niya, tumulong siya para gawing makabuluhan ang aktibidad para sa napakarami. Hindi nagtagal, hiniling sa amin ng kompanyon ko sa ministering na regular na bisitahin si Darren. Parang lagi siyang natutuwa na makita kami, at masaya ang naging mga

IBAHAGI ANG IYONG MGA KARANASAN

Ipadala sa amin ang iyong mga karanasan sa ministering sa iba o pagmi-minister ng iba sa iyo. Pumunta sa liahona.ChurchofJesusChrist.org at pindutin ang "Submit an Article or Feedback."

LARAWAN NG REGALO MULA SA GETTY IMAGES

pag-uusap namin. Nagpapasalamat ako sa inspirasyong anyayahan siya na sumali sa programa ng aktibidad ng ward na humantong sa isang natatanging ugnayan.

Paggawa ng Ministering sa Iba sa Pasko

Narito ang ilang bagay na magagawa mo para makatiyak na nalalaman ng mga ginagawan mo ng ministering na iniisip mo sila, lalo na sa panahong ito ng taon.

1. **Kung minsan ang isang tawag sa telepono o text message ay nakagagawa ng mga kamangha-manghang bagay.** Ang pagsisimula ng pakikipag-usap sa isang simpleng "Hi, kumusta ka na?" ay makagagawa ng kaibhan.
2. **Sumali sa kanilang mga pagdiriwang kapag angkop.** Ang Pasko ay maaaring maging magandang pagkakataon para malaman ang tungkol sa pagkakatulad ng ating mga paniniwala. Kapag ikaw ay nagbahagi ng mga paniniwala at nakikinig sa iba, binubuksan mo ang pintuan para sa higit na pag-unawa.
3. **Banggitin ang kanilang pangalan tuwing ipinagdarasal mo sila.** Hilingin sa Ama sa Langit na tulungan kang mag-isip ng mga paraan para mas mapalapit sila sa Kanyang Anak.
4. **Ang mga simpleng regalo ay madalas na pinakanaaalala.** Ang mga regalo ay hindi kailangang maging napakaganda para magustuhan. Ang kaloob na pagbibigay ng panahon, ang kaloob na makinig, ang pagbabahagi ng isang litrato o alaala—ang lahat ng ito ay maaaring maging mga regalong mula sa puso.
5. **Ibigay ang kaloob na patotoo.** Hilingin sa kanila na ibahagi sa iyo ang kanilang pagmamahal sa Tagapagligtas, at ibahagi sa kanila ang pagmamahal mo sa Kanya.

Paggamit ng Maging Ilaw ng Sanglibutan sa Ministering

Maaari mong gamitin ang kampanyang Maging Ilaw ng Sanglibutan para matulungan ka sa ministering. Narito ang ilang ideya para makapagsimula ka. (Maghanap pa sa ComeuntoChrist.org.)

1. **Ibahagi ang video na The Christ Child.** Maaari mong i-post ito, ibahagi ang link, o imbitahan ang iba na panoorin ito kasama mo.
2. **Anyayahan ang iba na dumalo sa isang paglilingkod sa Pasko.** Gusto ng ilang tao na sumamba pero hindi nila alam kung saan pupunta. Anyayahan silang samahan ka sa pagsamba.
3. **Hikayatin silang magbigay sa iba.** Maaari silang magbigay ng donasyon sa Humanitarian Services ng Simbahan o sa lokal na mga kawanggawa. Kung nakatira kayo sa isang lungsod na mayroong mga Giving Machine ng Simbahan, maaari mo silang isama kapag magbibigay ka ng donasyon. Ang mga machine ay nagbibigay ng simpleng paraan para makapagpadala ng isang regalo na magpapala sa mga tao sa iba't ibang panig ng mundo.
4. **Mag-sign up sa araw-araw na mga mungkahi na maglingkod.** Maaari mong tulungan ang iba na mag-sign up din. Ang mga mungkahi ay maaaring magbigay

ng mga pagkakataon upang makapaglingkod kayo nang magkakasama.

5. **Punuin ng kapayapaan ang kanilang tahanan.** Ipaalam sa kanila na may espesyal na mensaheng Pamasko ang mga missionary na maaari nilang ibahagi, na magdudulot ng pag-asa at pagmamahal sa kanilang puso.
6. **Ipakilala sa kanila ang Maging Ilaw ng Sanglibutan.** Ipakita sa kanila kung paano mas matututo pa sa ComeuntoChrist.org.

Paglilingkod sa Lahat Bilang Isang Kongregasyon

Ang pangangailangan ng bawat kongregasyon ay magkakaiba. Ang ilan ay nakikinabang sa pagbuo ng mas malaking aktibidad. Ang ibang mga kongregasyon ay maaaring makinabang sa maliliit at simpleng mga aktibidad. Mapanalanging pinag-iisipan ng mga kasali sa pagpaplano at pag-oorganisa ng mga aktibidad kung paano tutugunan ang mga pangangailangan.

- Ang mga miyembro mula sa tatlong stake sa Paris, France, ay tumulong na suportahan ang isang soirée (party sa gabi) ng Maging Ilaw ng Sanglibutan na kinabibilangan ng pagpapalabas ng mga talento at ng isang fashion show. Naghanda sila ng mga bagay na ibinigay sa mga refugee at mga taong walang tirahan. (Tingnan sa "Maging Ilaw ng Sanglibutan sa Paris," pahina 32.)
- Idinaos ng Charlotte North Carolina Central Stake ang isang kaganapang tinatawag na "Pasko sa Iba't Ibang Panig ng Mundo" para sa komunidad, na kinabibilangan ng isang party para ipagdiwang si Cristo sa pamamagitan ng pagkain, displey ng mga Pamaskong tradisyon sa iba't ibang bansa, musika, mga proyektong pangserbisyo, at pagmomodelo ng kapanganakan na ginawa ng mga bata.
- Nakibahagi ang mga miyembro ng Vero Beach Florida Stake sa isang paalala sa komunidad kung bakit natin ipinagdiriwang ang Pasko. Ang mga laruan ay ibinigay sa mga kawanggawa sa komunidad. Nagtanghal ang isang koro ng mga batang Primary, at maraming simbahan ang nagdispley ng impormasyon sa mga booth.
- Ang Jacksonville Florida South Stake ay nagtanghal ng produksyong *Savior of the World [Tagapagligtas ng Mundo]* para sa komunidad. ■

MAS MALAPIT SA TAGAPAGLIGTAS

"Kapag kunwari ay naroon tayo sa sabsaban sa Bet-lehem 'kung saan ang Diyos sa gabi ay nakahiga na sa dayami,' mas ituturing natin ang Tagapagligtas na isang regalo mula sa mabait at mapagmahal na Ama sa Langit."

Elder Dale G. Renlund ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Upang Mahikayat Ko ang Lahat ng Tao na Lumapit sa Akin," *Liahona,* Mayo 2016, 40.

Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

BAKIT NATIN KAILANGAN SI Jesucristo

Bawasan ang gumagambala ngayong Kapaskuhan at pagnilayan ang pagiging kamangha-mangha at ang karingalan ng Anak ng Diyos.

Nagpapasalamat ako na bukod sa Pasko, ang buwan ng Disyembre ay naghahatid ng isang okasyon para pagnilayan ang buhay at mga kontribusyon ni Propetang Joseph Smith, dahil kaarawan niya noong Disyembre 23. Mahirap pahalagahan nang lubusan ang nakamtan niya bilang kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon sa isang kapaligiran na palaging may oposisyon, pag-uusig, at hamon. Darating ang panahon na makikita natin si Propetang Joseph na pararangalan bilang karapat-dapat na pinuno ng dakila at huling dispensasyong ito---ang dispensasyon na nakatadhanang magtagumpay kahit na ang nakaraang mga dispensasyon ay nauwi sa apostasiya

Palagay ko ay walang sinuman sa dispensasyong ito ang natutong matakot sa Diyos at hindi sa tao kaysa sa Propeta (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 3:7–8). May ipinagawang ilang napakahihirap na bagay ang Panginoon kay Joseph. Ginawa niya ang mga iyon, at tayong lahat ang nakinabang.

Ang pagsasalin at paglalathala ng Aklat ni Mormon ay bukod-tanging tagumpay at naging pundasyon ng tagumpay ng layon ng Panginoon sa huling dispensasyong ito. Sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon at ng mga pangitain at paghahayag na kanyang natanggap, naihayag ni Joseph ang tunay na pagkatao ni Jesucristo bilang Bugtong na Anak ng Diyos at Manunubos ng sangkatauhan.

Lalo na sa panahong ito naaalala natin ang personal na kaugnayan ng Propeta sa Tagapagligtas at ang "patotoo, na pinakahuli sa lahat, na [ibinigay niya] tungkol [kay Cristo]: Na siya ay buhay!" (Doktrina at mga Tipan 76:22). Ang patotoo ni Joseph tungkol sa buhay na Cristo ay nagpapaalala sa akin tungkol sa pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Hindi magkakaroon ng Pasko kung walang Pasko ng Pagkabuhay. Ang sanggol na si Jesus ng Bet-lehem ay magiging pangkaraniwang sanggol kung wala ang pagtubos ni Cristo sa Getsemani at sa Calvario, at ang matagumpay na katunayan ng Pagkabuhay na Mag-uli."[1]

PAGSAMBA NG MGA PASTOL, NI MICHELANGELO MERISI DA CARAVAGGIO, BRIDGEMAN IMAGES

Bakit ba Natin Kailangan si Jesucristo?

Kanina, tinanong ako ng isang tao na matagal nang miyembro ng Simbahan, "Bakit ko ba kailangan si Jesucristo? Sinusunod ko ang mga kautusan; mabuting tao ako. Bakit ko kailangan ng isang Tagapagligtas?" Kailangan kong sabihin na nagulat ako sa kabiguan ng miyembrong ito na maunawaan ang pinakamahalagang bahagi ng ating doktrina, ang batayang elementong ito ng plano ng kaligtasan.

"Una," sagot ko, "ang mahirap ay may kamatayan. Palagay ko ayaw mong kamatayan ang huling kasadlakan mo, at kung wala si Jesucristo walang pagkabuhay na mag-uli."

Binanggit ko ang iba pang mga bagay, tulad ng pangangailangan maging ng pinakamahuhusay na tao na mapatawad at malinis na posible lamang sa pamamagitan ng nagbabayad-salang biyaya ng Tagapagligtas.

Gayunman, sa kabilang dako, ang tanong ay maaaring, "Hindi ba magagawa ng Diyos ang gusto Niya at ililigtas tayo dahil lamang sa mahal Niya tayo, nang hindi na nangangailangan ng isang Tagapagligtas?" Kapag nagkagayon, iilang tao lang sa mundo ngayon ang magtatanong ng ganyan. Naniniwala sila sa Diyos at sa kabilang-buhay ngunit ipinapalagay nila na dahil mahal tayo ng Diyos, hindi gaanong mahalaga kung ano ang ating ginagawa o hindi ginagawa; Siya na ang bahala roon.

Naganyak ng pagmamahal, nilikha ng ating Ama sa Langit ang awa sa pamamagitan ng pag-aalay ng Kanyang Bugtong na Anak bilang sakripisyo para sa ating kasalanan.

Ang pilosopiyang ito ay nagmumula sa sinaunang panahon. Si Nehor, halimbawa, ay "nagpatotoo rin sa mga tao na ang buong sangkatauhan ay maliligtas sa huling araw, at na hindi nila kinakailangang matakot ni manginig, kundi ang itaas nila ang kanilang mga ulo at magalak; sapagkat nilikha ng Panginoon ang lahat ng tao, at kanya ring tinubos ang lahat ng tao; at, sa katapusan, ang lahat ng tao ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (Alma 1:4).

Mapapansin ninyo sa doktrina ni Nehor ang paulit-ulit na pananaw tungkol sa kaligtasang isinulong ni Lucifer, isang "anak ng umaga," tiyak na siyang pinaka-kawawa sa lahat ng kawawa (Isaias 14:12; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 76:25–27). Tulad ng minsa'y ipinaliwanag ng Diyos, si Lucifer "ay yaon ding nagmula sa simula, at siya ay lumapit sa aking harapan, nagsasabing—Masdan, naririto ako, isugo ninyo ako, ako ang magiging inyong anak, at aking tutubusin ang buong sangkatauhan, upang wala ni isa mang katao ang mawala, at tiyak na akin itong magagawa; kaya nga, ibigay ninyo sa akin ang inyong karangalan.

"Subalit, masdan, ang aking Minamahal na Anak, na aking Minamahal at Pinili mula pa sa simula, ay nagsabi sa akin—Ama, masusunod ang inyong kalooban, at ang kaluwalhatian ay mapasainyo magpasawalang hanggan" (Moises 4:1–2).

Hindi lamang ito isang kaso ng pagsuporta ni Jesus sa plano ng Ama at ng pagmungkahi ni Lucifer ng kaunting pagbabago. Nasira sana ng mungkahi ni Lucifer ang plano sa pagaalis ng ating pagkakataong kumilos nang malaya. Ang plano ni Lucifer ay nakasalig sa pamimilit, na ginagawa ang lahat ng iba pang mga anak ng Diyos—lahat tayo—na mga tautauhan niya. Tulad ng pagbubuod ng Ama:

"Dahil dito, sapagkat yaong si Satanas ay naghimagsik laban sa akin, at naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao, na ako, ang Panginoong Diyos, ang nagbigay sa kanya, at gayon din, na aking dapat ibigay sa kanya ang aking sariling kapangyarihan; sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Bugtong na Anak, aking pinapangyaring siya ay mapalayas;

"At siya ay naging si Satanas, oo, maging ang diyablo, ang ama ng lahat ng kasinungalingan, upang linlangin at bulagin ang mga tao, at akayin silang bihag sa kanyang kagustuhan, maging kasindami ng hindi makikinig sa ***aking*** tinig" (Moises 4:3–4; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sa kabilang dako, ang paggawa nito sa paraan ng Ama ay nagbibigay sa atin ng mahalagang karanasan sa buhay. Ang ibig kong sabihin sa "mortal na karanasan" ay piliin ang ating landas, na "[tinitikman] ang pait, upang [ating] matutuhang pahalagahan ang mabuti" (Moises 6:55); matuto, magsisi, at lumago, maging mga nilalang na may kakayahang kumilos para sa ating sarili sa halip na "pinakikilos" lamang (2 Nephi 2:13); at sa

huli ay madaig ang kasamaan at ipamalas ang ating hangarin at kakayahang ipamuhay ang isang selestiyal na batas.

Kailangan dito ang kaalaman natin tungkol sa mabuti at masama, na may kakayahan at pagkakataong pumili sa pagitan ng dalawa. At nangangailangan ito ng pananagutan para sa mga pagpiling ginawa—kung hindi, hindi talaga pagpili ang mga ito. Ang pagpili naman ay nangangailangan ng batas, o mga kahihinatnang di-maiiwasan. Kailangan ay partikular nating magawa o piliing magsanhi ng isang partikular na kahihinatnan o resulta—at ang pagpili ng kabaligtaran nito ay lilikha ng kabaligtarang kahihinatnan. Kung ang mga kilos ay walang pirmihang kahihinatnan, walang may kontrol sa mga kahihinatnan, at walang kabuluhan ang pagpili.

Batas at Katarungan

Gumagamit ng *hustisya* bilang kasingkahulugan ng *batas*, ipinahayag ni Alma, "Ngayon, ang gawa ng katarungan [ibig sabihin, ang pagpapatupad ng batas] ay [hindi maaaring] mawawasak; kung magkakagayon, ang Diyos ay titigil sa pagiging Diyos" (Alma 42:13). Ang Kanyang lubos na pag-unawa at paggamit ng batas—o sa madaling salita, ang Kanyang katarungan—ang nagbibigay sa Diyos ng Kanyang kapangyarihan. Kailangan natin ang katarungan ng Diyos, isang sistema ng pirmihan at di-mababagong mga batas na sinusunod at ginagamit Niya mismo, para magkaroon at makagamit tayo ng kalayaan.[2] Ang katarungang ito ang pundasyon ng ating kalayaang kumilos at ang ating tanging landas tungo sa tunay na kaligayahan.

Sinasabi sa atin ng Panginoon, "Yaong pinamamahalaan ng batas ay pinangangalagaan din ng batas at ginagawang ganap at pinababanal ng gayon din" (Doktrina at mga Tipan 88:34). Ngunit kailangan nating aminin na walang sinuman sa atin ang palagi at masigasig na "pinamamahalaan ng batas." At hindi natin talaga maaasahan ang batas o katarungan na ingatan at gawin tayong perpekto kapag nalabag natin ang batas (tingnan sa 2 Nephi 2:5). Kaya, dahil makatarungan ngunit nagaganyak din ng pagmamahal, lumikha ng awa ang ating Ama sa Langit. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng pag-aalay ng Kanyang

ISA-ISA, NI WALTER RANE

Bugtong na Anak bilang sakripisyo para sa ating kasalanan, isang Nilalang na maaaring magbigay-kasiyahan sa katarungan, sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, para sa atin, na ipinaiilalim tayo sa batas upang muli tayong suportahan at pangalagaan nito, hindi upang hatulan tayo. Ipinaliwanag ni Alma:

"At ngayon, ang plano ng awa ay hindi magkakaroon ng kaganapan maliban sa pagsasagawa ng pagbabayad-sala; kaya nga, ang Diyos na rin ang magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan, upang maisakatuparan ang plano ng awa, upang tugunin ang hinihingi ng katarungan, at nang sa gayon, ang Diyos ay maging isang ganap, makatarungang Diyos, at isa ring maawaing Diyos. . . .

"Ngunit may isang batas na ibinigay, at isang kaparusahang nakaakibat, at isang ipinahintulot na pagsisisi; kung aling pagsisisi ay inangkin ng awa; kung hindi, aangkinin ng katarungan ang nilikha at ipatutupad ang batas, at ang batas ay magpapataw ng kaparusahan; kung hindi gayon, ang mga gawa ng katarungan ay mawawasak, at ang Diyos ay titigil sa pagiging Diyos.

"Ngunit ang Diyos ay hindi tumitigil sa pagiging Diyos, at aangkin ng awa ang nagsisisi, at ang awa ay darating dahil sa pagbabayad-sala" (Alma 42:15, 22–23).

Ang nagsisisi, mangyari pa, ay yaong mga nananagot at tumatanggap ng Kanyang awa sa pamamagitan ng pagsisisi. O, sa madaling salita, pagsisisi ang ginagawa natin upang maangkin ang puno ng biyayang kaloob ng kapatawaran na maiaalay sa atin ng isang makatarungang Ama sa Langit dahil nagbayad-sala ang Kanyang Pinakamamahal na Anak para sa ating mga kasalanan.

Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo

Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari tayong makabangon mula sa mga maling pagpili. Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang epekto sa atin ng mga kasalanan at pagkakamali ng iba, at ng lahat ng iba pang kawalan ng katarungan, ay iwinawasto. Para mapagaling, at mapabanal, kailangan natin ng isang Tagapagligtas. Kaya, ang sagot sa ating tanong ay, "Hindi, hindi maaaring kumilos ang Diyos sa anumang paraang gusto Niya para iligtas ang isang tao. Hindi Siya maaaring maging di-makatwiran at maging makatarungan din. At kung hindi Siya makatarungan, hindi Siya Diyos." Samakatuwid, ang kaligtasan at kadakilaan ay kailangang isakatuparan sa paraang sumusuporta at umaayon sa di-mababagong batas, sa katarungan. At salamat sa Diyos, sinuportahan Niya ang katarungan sa pamamagitan ng paglalaan ng isang Tagapagligtas."

Handa ang Panganay na Anak sa espiritu na maging Bugtong na Anak sa laman, na magdusa at mamatay upang tubusin tayo.

Alalahanin na sa dakilang kapulungan sa langit bago tayo isinilang, hindi nagboboluntaryo si Lucifer na maging tagapagligtas natin. Hindi siya interesadong magdusa o mamatay o magpadanak ng kanyang dugo alang-alang sa atin. Hindi siya naghahangad na kumatawan sa katarungan kundi maging batas sa kanyang sarili.[4] Sa palagay ko ang pagsasabi sa Ama na, "Ibigay ninyo sa akin ang inyong karangalan" (Moises 4:1), ang sinasabi ni Lucifer ay, "Bigyan ninyo ako ng karapatang mamuno," na ang balak ay gamitin ang kapangyarihang iyon kung paano niya gusto. Ang batas ay ang anumang sabihin niya anumang sandali. Sa gayon, walang sinumang magkakaroon ng kakayahang magsarili bilang aktor. Si Lucifer ang mamumuno, at wala nang ibang maaaring sumulong.

Sa kabilang dako, naunawaan ni Jesus na kakailanganin kapwa ang di-mababagong katarungan at awa para umunlad ang Kanyang mga kapatid. Sa Ama, hinangad Niyang hindi tayo pilitin at pangibabawan kundi palayain at iangat tayo upang tayo ay "mangingibabaw sa lahat" at "[magtaglay ng] lahat ng kapangyarihan" na kasama ng Ama (Doktrina at mga Tipan 132:20).

Dapat tayong magalak na ang Panganay na Anak na ito sa espiritu ay handang maging Bugtong na Anak sa laman, upang dumanas nang di-maarok na pagdurusa at mamatay nang walang kasalanan upang tubusin tayo. Lubos Niyang pinagkakaisa ang katarungan at awa. Inililigtas Niya tayo mula sa—hindi sa, kundi mula sa—ating mga kasalanan (tingnan sa Helaman 5:10–11; tingnan din sa Mateo 1:21).

At Kanya rin tayong tinutubos mula sa Pagkahulog, mula sa espirituwal at pisikal na kamatayan. Binubuksan Niya ang pintuan tungo sa kawalang-kamatayan at

buhay na walang-hanggan. Imposibleng sukatin ang tindi ng Kanyang pagmamahal. "Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan: . . .

". . . Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo" (Isaias 53:4–5).

Luwalhati sa Diyos

Habang papalapit ang Kapaskuhan, natatanto ko na maaaring may mga

NAGDARASAL SI CRISTO SA HALAMANAN NG GETSEMANI, NI HERMANN CLEMENTZ

problema ang ilan at marahil ay may kaunting pagkabalisa tungkol sa hinaharap. Maaaring maraming "gumagambala" sa inyong buhay, humigit-kumulang ay palagi kayong naka-online nang walang pahinga, walang panahon para tumahimik at magnilay-nilay at mag-isip, walang panahon para suriin ang inyong kalooban at mahiwatigan kung nasaan kayo at saan kayo dapat pumunta. Maaari kayong maimpluwensyahan ng mga di-makatotohanang inaasahan, tulad ng "dapat ay agaran ang pagiging perpekto" o "walang-patid na kaligayahan at tagumpay ang dapat maging pamantayan sa buhay."

Sana'y isantabi ninyo ang mga maling ideyang ito, bawasan ang "gumagambala," at mag-ukol ng kaunting panahon sa Kapaskuhang ito, kahit isang oras lang, kung hindi man higit pa—upang pagnilayan ang "kadakilaan at dangal . . . [ng] anak ng Diyos."[5] Hayaang maging isang oras ito ng katiyakan at pagpapanibago para sa inyo.

Sa isang Kapaskuhan bago ito, isinulat ko ang mensaheng ito:

"Kapag pinag-uusapan natin ang pagsilang ni Jesucristo, napagninilayan din natin ang sumunod na naganap. Lubhang mahalaga ang Kanyang pagsilang dahil sa mga bagay na Kanyang mararanasan at pagdudusahan upang higit Niya tayong matulungan—na magtatapos lahat sa Kanyang Pagkapako sa Krus at Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa Alma 7:11–12). . . .

"[Ngunit] palagay ko [rin ay angkop ang] panahong ito ng taon [na pag-isipan lamang] ang sanggol na iyon sa sabsaban. Huwag mag-alala o magtuon nang labis sa magaganap. . . . Mag-ukol ng tahimik at payapang sandali na pagnilayan ang simula ng Kanyang buhay—ang pagwawakas at bunga ng propesiya ng langit ngunit pagsisimula ng buhay Niya sa lupa.

"Mag-ukol ng panahon na magpahinga, maging payapa, at isipin ang musmos na sanggol na ito. Huwag alalahanin nang labis ... ang maaaring maganap sa buhay Niya o sa buhay ninyo. Sa halip, mag-ukol ng tahimik na sandali na pagnilayan ang marahil ay pinakapayapang sandali sa kasaysayan ng mundo—kung kailan nagalak ang kalangitan hatid ang mensaheng 'Luwalhati sa Dios sa kataastaasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya' (Lucas 2:14)."[6] ■

PAGSAMBA SA SANGGOL NA SI JESUS, NI MATTHIAS STOMER, BRIDGEMAN IMAGES

Mula sa isang mensahe sa debosyonal na, "A Message at Christmas," na ibinigay sa Brigham Young University noong Disyembre 12, 2017.

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley* (2016), 369.
2. "At ang bawat kaharian ay binigyan ng batas; at sa bawat batas ay may mga hangganan din at mga batayan. Lahat ng tao na hindi nakapananatili sa mga batayang iyon ay hindi mabibigyang-katwiran" (Doktrina at mga Tipan 88:38–39). Nananahan at kumikilos ang Diyos ayon sa batas ng pinakamataas na kaharian. Samakatuwid, "Nauunawaan niya ang lahat ng bagay, at lahat ng bagay ay nasa harapan niya, at lahat ng bagay ay nasa paligid niya; at siya ay nasa itaas ng lahat ng bagay, at napapasalahat ng bagay, at sumasa lahat ng bagay, at nasa paligid ng lahat ng bagay; at lahat ng bagay ay ginawa niya, at mula sa kanya, maging ang Diyos, magpakailanman at walang katapusan" (Doktrina at mga Tipan 88:41).
3. "Oo, at kasindalas na magsisisi ang aking mga tao ay akin silang patatawarin sa kanilang mga pagkakasala laban sa akin" (Mosias 26:30).
4. Yaong mga sumusunod kay Satanas ay gayon din ang layunin, ngunit tulad ng ipinahayag ng Panginoon, "yaong lumalabag sa batas, at hindi sumusunod sa batas, sa halip ay naghahangad na maging isang batas sa sarili nito, at nakahandang manatili sa kasalanan, at sa kalahatan ay nananatili sa kasalanan [ibig sabihin, sa kalagayan ng pagsuway sa batas], ay hindi mapababanal ng batas, ni ng awa, katarungan, o paghuhukom. Kaya nga, sila ay kailangang manatiling marumi pa rin" (Doktrina at mga Tipan 88:35).
5. *Mga Turo: Gordon B. Hinckley,* 370.
6. D. Todd Christofferson, "Mapayapa," *Liahona,* Dis. 2015, 36.

MGA LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES



Ni Elder Richard Neitzel Holzapfel
Area Seventy, Utah Area

Paglilingkod SA LAHAT

Bilang bahagi ng pagsisikap nating maglingkod sa mas banal at mas mataas na paraan, nagsimulang magsalita ang mga lider ng Simbahan tungkol sa gawaing misyonero ng mga miyembro bilang paglilingkod sa lahat, "kahit hindi kasama ang pangalan nila sa listahan ng inyong ministering sister o brother."[1] Ang mas magaling na paraan ay ang pagbabago ng pag-iisip—isang mas magandang paraan na makapagpapabago sa lahat ng bagay kung paano at bakit tayo naglilingkod sa iba.

Napuna ni Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Sa anumang paraan na tila likas at karaniwan sa inyo, ibahagi sa mga tao kung bakit mahalaga sa inyo si Jesucristo at ang Kanyang Simbahan. Anyayahan sila at sabihing *'pumarito ka at tingnan mo.'* At himukin sila at sabihing *halika at tumulong.* Maraming pagkakataon para makatulong ang mga tao sa ating Simbahan.

"Ipagdasal na hindi lamang matagpuan ng mga missionary ang mga hinirang. Ipagdasal araw-araw nang buong puso na mahanap ang mga taong *lalapit at titingin, lalapit at tutulong,* at *lalapit at lalagi*."[2]

Paano binago ng panawagan ni Elder Uchtdorf na maglingkod sa likas at normal na paraan ang pagbabahagi mo ng ebanghelyo?

Ang ministering ay tungkol sa pagiging mas tapat at nagbalik-loob na mga disipulo ni Jesucristo na may puso at habag na gaya ng sa Tagapagligtas. Inanyayahan tayo ng Panginoon na umunlad sa paglilingkod sa iba sa likas at normal na paraan nang may pagmamahal. Hindi ito tungkol sa *paggawa* ng ministering. Tungkol ito sa *pagiging* tagapaglingkod na katulad ni Jesucristo.

Pagkatutong Maglingkod sa Bawat Isa (na Nakatalaga sa Iyo)

Natututo pa rin tayong maging mga ministering brother at sister. Ang pagbabagong tulad nito ay maaaring abutin nang matagal na panahon, at malamang na magkamali tayo. Sa aking isipan, ang isa sa mga pagkakamaling iyon ay ang iturin ang mga ministering assignment bilang "peke" o "sapilitang" pakikipagkaibigan—sa paraang hindi normal o likas. Ngunit binibigyan tayo ng Panginoon ng partikular na mga tungkulin bilang mga ministering brother o sister. Sa ganitong paraan, tinitiyak Niya na walang maiiwan.

Kapag humahagupit ang mga natural na kalamidad sa Estados Unidos, pinakikilos ng mga organisasyong Red Cross at National Guard ang kanilang mga boluntaryo at inaatasan sila sa mga partikular na lugar para masakop ang pinakamalawak na lugar. Ang pagtanggap ng assignment ay hindi bumabawas sa pagiging boluntaryo ng kaloob na panahon at pagmamahal ng mga nagboluntaryo. Walang sinumang nakaranas ng kalamidad sa kanyang buhay ang tila kumukuwestiyon sa mga assignment na ito. Ang mga tumatanggap ng tulong ay nagpapasalamat na may dumating para tumulong!

Tulad ng mga nagboluntaryo sa National Guard o Red Cross, kapag naging

Ang paglilingkod sa lahat ay nangangailangan ng handang puso at mga mata upang makita ang mga nakapaligid sa atin—ang mga taong inilagay ng Panginoon sa ating mga landas.

mga disipulo tayo ni Jesucristo sa pamamagitan ng paggawa ng mga sagradong tipan, boluntaryo tayong kumikilos para isagawa ang ating mga assignment upang tulungan ang iba.

Ang mga assignment na ito ay nagbibigay sa atin ng mga pagkakataong matuto at umunlad sa kakayahan nating maglingkod, na madalas ay sa pamamagitan ng ating mga kabiguan. Ngunit hindi magtatagal, ang ministering ay magiging "ikalawang likas na katangian" natin—tulad ng pagkatuto nating maglakad, magsalita, magbisikleta, tumugtog ng isang instrumento sa musika, o maglaro ng isang isport.

Ano ang Paglilingkod sa Lahat sa "Likas at Normal na mga Paraan"?

Ang ating indibiduwal na mga ministering assignment ay maghahanda sa atin na "maglingkod sa lahat" sa karaniwan at likas na mga paraan. Ang paglilingkod sa lahat ay nangangailangan ng handang puso at mga mata upang makita ang mga nasa paligid natin—ang mga taong inilagay ng Panginoon sa ating mga landas. Ang "ministering" sa puntong iyan ay maaaring maging kasing-simple ng pag-anyaya sa kanila—sa likas at karaniwang paraan—na "pumarito at makakita" o "pumarito at tumulong."

Nagbigay ng halimbawa ang Tagapagligtas. Nang nagpakita si Jesus sa mga tao sa templo sa Bountiful, sinabi Niya sa kanila, "Ngunit ngayon, ako ay paroroon sa Ama, at ipakikita rin ang aking sarili sa mga nawawalang lipi ni Israel" (3 Nephi 17:4).

Tulad natin, may ibang lugar na pupuntahan ang Tagapagligtas. Nagpatuloy ang kuwento:

"At ito ay nangyari na, nang makapagsalita nang gayon si Jesus, muli niyang iginala ang kanyang mga paningin sa maraming tao, at namasdan na sila ay luhaan, at nakatitig sa kanya na waring kanilang hinihiling sa kanya na magtagal pa nang kaunti sa kanila.

"At kanyang sinabi sa kanila: Masdan, *ang aking sisidlan ay puspos ng pagkahabag sa inyo*" (3 Nephi 17:5–6; idinagdag ang pagbibigay-diin).[3]

Kahit balak na Niyang pumunta sa ibang lugar, ang Tagapagligtas ay may mga matang nakakakita at may pusong nakadarama, kaya tumigil Siya para maglingkod sa mga tao:

"Mayroon bang may karamdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, o ketongin, o mga may dinaramdam, o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo; ang aking sisidlan ay puspos ng awa" (3 Nephi 17:7).

Gaya ng pagkakilala natin sa Tagapagligtas, ang maglaan Siya ng oras para makapagpagaling bago ang Kanyang susunod na appointment ay isang likas na bagay. Para sa atin, ang paglilingkod sa lahat sa karaniwan at likas na mga paraan ay maaaring kinabibilangan ng pag-anyaya sa isang tao na gawin ang isang bagay na pinaplano mo nang gawin o samahan ka sa isang aktibidad na balak mo nang daluhan.

Kung ikaw ay nag-aaral ng isang kurso sa self-reliance, anyayahan ang iyong kapitbahay na sumama. Kung pupunta ka sa aktibidad ng ward, anyayahan ang iyong katrabaho na sumama sa iyo. Kung nag-aaral na kayo ng pamilya mo ng banal na kasulatan o nagdaraos ng home evening, anyayahan ang kaibigan mo na sumama sa iyo. Iyan ang kahulugan ng "pumarito at makakita." Hindi tayo kailangang magdagdag ng kahit isang aktibidad sa ating abalang iskedyul. At sa panahon na hindi posible ang personal na pagbisita, maaaring gawin ang ministering sa pamamagitan ng isang text message, email, o tawag sa telepono.

Pinagkatiwalaang Maglingkod

Nang italaga ako ni Pangulong M. Russell Ballard bilang bagong pangulo ng Provo Utah Young Single Adult First Stake, nagbigay siya ng simple at partikular na assignment: "Bisitahin ang mga lider at miyembro ninyo sa kanilang mga tahanan at apartment!" Iyon lang; wala na siyang ibinigay na ibang training o assignment.

Matapos makipag-ugnayan sa mga bishop tungkol sa aming mga pagsisikap, nagsimula kami ng Martes, dalawang araw pagkatapos ng aming stake conference. Habang naglilingkod kami sa aming stake, nakagawa kami ng mga pagkakamali, napalampas namin ang mga oportunidad, at madalas na napapaisip, "Nasabi ko sana iyon nang mas mabuti" o "Sana ay mas maganda ang aming itinanong."

Napansin ng Pangulo ng Brigham Young University na si Kevin J. Worthen na "ang kabiguan ay mahalagang bahagi ng ating walang-hanggang pag-unlad—ng ating paghahangad na maging perpekto. At dahil sa Pagbabayad-sala—kung tutugon tayo sa kabiguan sa tamang paraan—maaari tayong pagpalain ng bagong uri ng kaalaman na magtutulot sa ating mga kabiguan na maging bahagi ng proseso ng pagiging perpekto."[4]

Ito ang naranasan namin nang matuto kaming maglingkod sa mga lider at miyembro ng stake at sa iba pa na nakilala namin. Habang patuloy kaming naglilingkod, sinimulan ng Panginoon na maglagay ng mas marami pang tao sa aming landas.

Sa isang pagkakataon, naglalakad kami ng isa sa aking mga counselor na si J. B. Haws sa pagitan ng mga apartment nang makilala namin ang isang binata sa parking lot. Tumigil kami para batiin siya at nalaman namin na lilipat na siya sa ibang stake. Nag-usap kami sandali at natuklasan namin na isa siyang returned missionary na nagkakaroon ng mga pagdududa sa kanyang relihiyon. Ang counselor ko ay isang dalubhasang guro na madaling nakauugnay sa mga tao. Ang pagsagot sa mga tanong na tulad nito ay likas at karaniwan para kay J. B. Habang nag-uusap sila ay nakita kong bumalik sa mga mata ng binatang ito ang ilaw na maaaring nawala na nang ilang panahon.

Kitang-kita na si J. B. ay interesado sa kanya at sa kanyang mga pagdududa at alalahanin. Matapat na ibinahagi ng binata ang kanyang saloobin dahil nagpakita ng habag si J. B. Ang aking tagapayo ay may "sisidlan [na] puspos" ng pagmamahal, at ninais niyang maunawaan ang batang ito nang hindi ito hinuhusgahan. Itinanong ni J. B. kung puwede namin siyang bisitahin sa bagong apartment niya. Tumango ang binata, nagbigayan sila ng mobile number, at ginawa ang isang pangakong kumustahin siyang muli.

Bago kami umalis, nagtanong kami kung may magagawa kami para makatulong. Sabi niya, "Ang pagtigil para bumati ay isa sa pinakamahahalagang bagay na nagawa ninyo para sa akin ngayon." Kalaunan ng gabing iyon, naisip ko sa sarili ko, "Kung wala kami sa labas ni J. B. para gawin ang ministering, maaaring kailanman ay hindi na namin makikilala ang binatang ito."

Tila ba alam ng Panginoon na gagawin namin ang ministering nang gabing iyon, kaya't inilagay Niya ang binatang ito sa aming daraanan—nagtitiwalang makikita namin siya at maglilingkod kami sa kanya.

Kapag hangad nating maglingkod sa lahat sa ating pang-araw-araw na buhay, ilalagay ng Panginoon ang mga tao sa ating landas dahil nagtitiwala Siya sa atin na aalisin natin ang ating tingin sa ating mobile phone, mag-uukol tayo ng sandali para ngumiti sa isang estranghero, o magtatanong sa isang taong nakilala natin sa palengke o nasaan man tayo sa paaralan, trabaho, o simbahan.

Kapag hangad nating maglingkod sa lahat habang ginagawa natin ang ating pang-araw-araw na buhay, ilalagay ng Panginoon ang mga tao sa ating landas dahil nagtitiwala Siya sa atin.

Ang mga Kamangha-manghang Bunga ng Ministering

Sa paggunita sa halimbawa ng Tagapagligtas sa 3 Nephi, natuklasan ko ang isang mahalagang alituntunin sa ministering. Kung maaalala ninyo:

"At ito ay nangyari na, nang siya ay makapagsalita nang gayon, lahat ng tao, ay magkakaayong humayo kasama ang kanilang maykaramdaman at mga nahihirapan, at kanilang mga lumpo, at kasama ang kanilang mga bulag, at kasama ang kanilang mga pipi, at ang lahat sa kanila na nahihirapan sa anumang dahilan; at pinagaling niya ang bawat isa sa kanila na dinala sa kanya.

"*At lahat sila, kapwa sila na mga napagaling at sila na mga walang sakit, ay yumukod sa kanyang paanan,* at sinamba siya; at kasindami ng nakalapit sa maraming tao ay humalik sa kanyang mga paa, kung kaya nga't napaliguan nila ng kanilang mga luha ang kanyang mga paa" (3 Nephi 17:9–10; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Pansinin na ang mga ministering brother at sister na iyon na tumulong sa mga kakilala at mahal nila na maging mas malapit kay Jesucristo ay natagpuan din ang kanilang mga sarili sa mga paa ng Tagapagligtas, yumuyukod, sumasamba, at hinahalikan at pinaliliguan ng kanilang mga luha ang Kanyang mga paa.

Kapag naglilingkod tayo sa lahat, makikita natin na pagagalingin tayo ni Cristo sa ating mga emosyonal, espirituwal, at pisikal na mga sugat. At kapag inanyayahan natin ang iba na "pumarito at makakita" at "pumarito at tumulong" sa likas at normal na mga paraan, makikita natin na mapagagaling din ang ating mga sugat. ■

MGA TALA

1. Dieter F. Uchtdorf, "Gawaing Misyonero: Pagbabahagi ng Nasa Puso Mo," *Liahona,* Mayo 2019, 16.
2. Dieter F. Uchtdorf, "Gawaing Misyonero: Pagbabahagi ng Nasa Puso Mo," 17.
3. Tingnan din kung paano naglingkod si Jesucristo sa balo ng Nain sa gayon ding paraan sa Lucas 7:11–16.
4. Kevin J Worthen, "Successfully Failing: Pursuing Our Quest for Perfection" (Debosyonal sa Brigham Young University, Ene. 6, 2015), 3, speeches.byu.edu.

MAS MAPALAPIT:
Magmahal na Tulad ng Ginawa ng Tagapagligtas

Marami tayong matututuhan mula sa halimbawa ng Tagapagligtas na pakikipag-ugnayan sa iba.

Nina Becky at Bennett Borden

Bilang mga homoseksuwal na miyembro ng Simbahan madalas kaming bumaling sa halimbawa ng Tagapagligtas para sa tulong na maunawaan kung paano pinakamainam na makikisalamuha sa mga miyembro ng Simbahan at sa iba. Isang araw pinag-isipan namin kung paano hiniling sa atin ng Tagapagligtas na "mangagibigan sa isa't isa; na kung paanong iniibig ko kayo" (Juan 13:34). Natuwa kaming makita na hindi Niya sinabing "*dahil* mahal ko kayo" kundi sa halip ay "*kung paanong* iniibig ko kayo." Pinag-isipan tuloy namin *kung paano* minahal ng Tagapagligtas ang mga tao. Sa anong mga paraan Siya nagpakita ng pagmamahal?

Nagpasiya kaming mag-ukol ng kaunting oras sa pag-aaral ng Bagong Tipan, naghahanap lalo na ng mga kuwento kung paano nakisalamuha ang Tagapagligtas sa ibang mga tao noong Kanyang mortal na ministeryo. Bilang mag-asawa na naaakit sa kapareho namin ang kasarian, gusto naming mas maunawaan lalo na kung paano tinrato ni Jesus ang mga tila hindi tipikal ang kategorya sa lipunan. Narito ang ilang pattern na napansin namin.

Tinugunan ni Jesus ng Kabaitan ang mga Pagkakaiba sa Kultura

Nabubuhay tayo sa panahon ng matinding di-pagkakasundo sa lipunan at pulitika, na tulad noong panahon ng Tagapagligtas. Ang ilan sa mga isyu ng Kanyang panahon ay nagtagal at malalim na nakaugat sa kasaysayan at mga paniniwala sa kultura.

Halimbawa, sadyang naglakbay ang Panginoon sa Samaria, isang lugar na iniwasan ng mga Judio dahil sa isang alitang nagsimula daan-daang taon na ang nakalipas. Nang makilala ni Jesus ang isang babae at pinakiusapan itong mag-igib ng tubig, parang ang reaksyon nito ay sa isang taong "naiiba" ang paniniwala sa pulitika at relihiyon—na nagbigay-diin sa mga pagkakaiba sa pagitan Niya bilang isang Judio at nito bilang isang Samaritana. (Tingnan sa Juan 4.) Si Jesus, bilang tugon, ay tinrato ang babaeng ito bilang anak ng Diyos. Ang Kanyang reaksyon na kausapin ito sa mapagmahal at tapat na paraan ay magandang halimbawa para sa bawat isa sa atin. Ang karaniwang estratehiya ng kaaway ay subukan tayong paghiwa-hiwalayin sa magkakaibang kampo, na magkakalaban sa digmaan. "Nguni't ang Panginoon ay tumitingin sa puso" (I Samuel 16:7).

Madaling iangkop ang aral sa kuwentong ito sa ating lipunan ngayon. Sa ating pang-araw-araw na buhay, pati na sa mga miting at aktibidad ng Simbahan, nakikipagkita tayo sa mga tao na iba't iba ang pinagmulan. Ang ilan ay maaari pang tawagin ng mundo na mga kaaway sa pulitika o kultura. Sa halip na magtuon sa kung ano ang maaaring maghiwalay sa atin, maaari nating piliing magtuon sa pagkakatulad natin bilang mga anak ng mga magulang sa langit at matutong makipag-usap sa iba nang may pagmamahal, na tulad ng ginawa ng Tagapagligtas.

AT THE WELL / SA BALON, NI CRYSTAL CLOSE

Nang bisitahin ng Tagapagligtas ang mga tao sa mga lupain ng Amerika matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, itinuro Niya na "[ang] diyablo . . . ang ama ng pagtatalo, at kanyang inuudyukan ang mga puso ng [mga] tao na makipagtalo nang may galit sa isa't isa" (3 Nephi 11:29). Nakinig sa kanya ang mga tao, at sa sumunod na henerasyon, lumikha sila ng isang lipunan kung saan "walang mayaman at mahirap, alipin at malaya, kundi silang lahat ay ginawang malaya, at magkasalo sa makalangit na handog" (4 Nephi 1:3).

Lumapit si Jesus sa Halip na Lumayo

Aktibong sinikap ni Jesus na lumapit sa iba, sa emosyonal at kahit sa pisikal kung minsan, sa halip na magbigay ng mga dahilan para ilayo ang Kanyang Sarili sa mga taong madalas kamuhian at itakwil.

Halimbawa, minsa'y may nakilalang lalaki si Jesus na baliko ang kamay. Dahil Sabbath, may mga bawal sa relihiyon na naglilimita kung anong trabaho ang dapat gawin sa araw na iyon. Sa halip na iwasan ang isang taong nangailangan ng tulong hanggang sa dumating ang pagkakataon na mas tanggap na ito ng lipunan, pinili ni Jesus na "gumawa ng mabuti" kaagad (Mateo 12:12). Inanyayahan niya ang lalaki na iunat ang kanyang kamay. "At iniunat niya; at napauling walang sakit, na gaya ng isa" (Mateo 12:13).

ALAMIN ANG IBA PA

Ang Simbahan ay may mga sanggunian o resources na makakatulong sa iyo na mas maunawaan, mula sa pananaw ng ebanghelyo, ang mga sensitibong paksang gaya ng pagkaakit sa kaparehong kasarian. Bisitahin ang **ChurchofJesusChrist.org** at piliin ang "Living Life," pagkatapos ay ang "Life Help."

Paulit-ulit ang mga ganitong kuwento sa buong banal na kasulatan. Kinilala ni Jesus nang may habag ang isang babaeng itinuring na marumi (tingnan sa Lucas 8), tinanggap at pinagaling ang isang lalaking nakarinig ng mga tinig at sinugatan ang sarili (tingnan sa Marcos 5), at pinagaling ang isang lalaking hinatulan nang mali ng iba (tingnan sa Juan 9:1–7). Ang isang pattern na nakikita natin sa buong banal na kasulatan ay na nang "iunat [ni Jesus] ang kaniyang kamay" (Mateo 8:3), kadalasan ay para palakasin ang loob at mahalin ang iba at magbigay ng pagpapagaling at kapayapaan.

Ang isang paanyaya marahil mula sa mga kuwentong ito ay na mas makakalapit tayo sa mga taong tila naiiba sa atin. Halimbawa, tinatabihan ba natin sa upuan ang isang taong bumibisita sa Simbahan, kahit naiiba ang bihis nila sa lahat? Isinasali ba natin sila sa pag-uusap sa pasilyo? Ngumingiti at bumabati ba tayo at magiliw na nagtatanong sa pagsisikap na mas makilala sila at ipadama sa kanila na sila'y kabilang?

At ang mas mahalaga marahil, paano tayo magkakaroon ng mas malapit na emosyonal at espirituwal na kaugnayan sa iba, na nagbabahagi ng kapayapaan at pagmamahal na gaya ng ginawa ng Tagapagligtas? Alam natin na pinagpapala tayo ng Diyos kapag nagsisikap tayong kumonekta—lalo na sa mga taong maaaring tila naiiba sa atin.

Inanyayahan ni Jesus ang mga Tao na Magbahagi ng Pagkain

Sa pag-aaral natin ng Bagong Tipan, naantig tayo sa dalas ng pagbabahagi ng Tagapagligtas ng pagkain sa iba. Sa maraming sitwasyon, pinuna Siya dahil sa mga taong pinili Niyang makasama.

Sa isang halimbawa, tinawag ni Jesus bilang isa sa Kanyang mga disipulo ang isang lalaking nagngangalang Mateo, na isang "maniningil ng buwis," o isang taong kumakatawan sa namumunong pamahalaan noon (tingnan sa Lucas 5:27; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Maniningil ng Buwis"). Ang mga maniningil ng buwis ay karaniwang kinasusuklaman ng mga Judio. Kaya nang maghanda ng malaking piging si Mateo para kay Jesus at sa Kanyang mga disipulo, ang mga eskriba at Fariseo—na dapat na sumusunod sa mga utos ng Diyos—ay nagreklamo. "Bakit kayo'y nagsisikain at nagsisiinom na kasalo ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan?" tanong nila. Sumagot si Jesus, "Ang mga walang sakit ay hindi nangangailangan ng manggagamot; kundi ang mga may sakit" (Lucas 5:30–31).

Nakakaantig ang halimbawang ito kung paano pinili ng Tagapagligtas na huwag patangay sa mga panlabas na anyo o makamundong reputasyon. Sa halip, nagtuon Siya sa mga pangangailangan, kahalagahan, at potensyal ng bawat tao. Nakakatuwa ang napagtanto namin nang basahin namin ang tungkol

JESUS AND DISCIPLES IN THE KIDRON VALLEY [SI JESUS AT ANG MGA DISIPULO SA KIDRON VALLEY], NI BALAGE BALOGH, ART RESOURCE

sa pagbabahagi ni Jesus ng mga pagkain kay Mateo at sa iba. Hindi natin maiimpluwensyahan ang isang tao kung hindi natin sila malalapitan. Maliban kung kikilalanin natin sila at mamahalin at tatanggapin sila anuman ang kanilang sitwasyon, malamang ay napakaliit ng magiging epekto natin sa buhay nila.

Narinig na ninyo siguro ang kasabihang "Ibigin ang makasalanan; kamuhian ang kasalanan." Nag-uukol ba tayo ng sapat na panahon sa unang kalahati ng paanyayang iyon? Sabi ni Jesus sa atin, "mangagibigan sa isa't isa" (tingnan sa Juan 13:34) at magpatawad nang "hanggang sa makapitongpung pito" (tingnan sa Mateo 18:22). Sa halip na mag-ukol ng panahon sa pagsisikap na tukuyin at kamuhian ang kasalanan ng ibang tao, magagamit natin ang lakas na iyon sa pagpapayabong ng mga kaugnayan sa kapwa nating mga kapatid.

Gusto naming gamitin ang kasabihang "Ibigin ang makasalanan; anyayahan sila sa hapunan!" Dahil *lahat* tayo ay nagkasala "at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios" (Mga Taga Roma 3:23), dapat itong magbigay sa atin ng maraming pagkakataong paglingkuran ang iba sa pamamagitan ng magiliw na inihandang mga pagkain, na inihain sa isang lugar kung saan naroon ang Espiritu ng Diyos. Palibutan natin ang ating mesa ng mga pag-uusap na may taos na kabaitan, tunay na pagkakaibigan, at sadyang mga pagsisikap na tingnan ang isa't isa sa paraan ng pagtingin sa atin ni Jesus.

Pagtatayo ng Sion

Ngayong taon ipinagdiwang natin ang ika-dalawandaang taon ng Unang Pangitain, nang ibalita ni Jesucristo na ipanunumbalik ang Kanyang ebanghelyo. Sa susunod na taon, matututo tayo mula sa mga halimbawa ng mga naunang Banal na tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon dito sa lupa sa dispensasyong ito. Kinailangang humanap ng paraang magtulungan at magkaisa ang naunang mga Banal na ito, kahit nagmula sila sa iba't ibang bansa, pinanggalingang relihiyon, at katayuan sa lipunan.

Mayroon tayong pagkakataong katulad nito ngayon. Kailangan nating alamin kung paano pagkakaisahin ang ating pananampalataya, sa kabila ng mga pagkakaiba sa kultura at pulitika na nagtatangkang paghiwa-hiwalayin tayo. Mangyayari lamang ito kung hahayaan nating ang Tagapagligtas ang ating maging gabay. Lubos Niyang nauunawaan ang ating kahinaan at magagawang malakas ang mahihinang bagay (tingnan sa Eter 12:27). Lubos Niyang nauunawaan ang ating mga pasakit at matutulungan tayong gumaling (tingnan sa Alma 7:11–12). Lubos Niyang nauunawaan ang ating mga pagkakaiba at nangangako pa rin na kaya natin—ayon sa paglalarawan sa Doktrina at mga Tipan 49:25—na managana at magalak sa Sion. Nang sama-sama. ■

Ang mga awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Tanggapin ang Handog

Ang pag-aaral ng salita ng Diyos, paglilingkod, pagsisisi, at pagpunta sa templo ay magpapadama sa atin ng pagmamahal ng Diyos sa Paskong ito.

Ni Jakob R. Jones

Isang gabi ng Nobyembre natuklasan ko pagkauwi ko na ginawang Christmas wonderland ng mga anak ko ang kanilang silid. Nagagayakan ng mga Christmas tree, nagniningning na garland, mga linya ng mga ilaw, at mga papel na snowflake ang mga sulok, kama, pader, at kisame. Isang gawa sa bahay na tsiminea na kumpleto sa mga kahoy, ilaw, at medyas ang kumumpleto sa displey. Ang kagila-gilalas na tagpong iyon ng Pasko ay nagpasaya sa aming tahanan at mga puso.

Isa pa sa mga paborito kong tagpo sa Pasko ay inilarawan ng propetang si Nephi. Ikinuwento ng ama ni Nephi, si Lehi, ang isang panaginip kung saan nakita niya ang isang magandang punungkahoy na ang bunga ay pumuspos ng kagalakan sa kanyang kaluluwa (tingnan sa 1 Nephi 8:12). Ninais ni Nephi na makita rin niya ang punungkahoy na inilarawan ng kanyang ama. Bilang sagot sa panalangin, ipinakita kay Nephi ang isang pangitain. Ang salaysay ni Nephi tungkol sa karanasang iyon, para sa akin, ay isang magandang kuwento ng Pasko. Isinulat niya:

"At ito ay nangyari na, na matapos kong makita ang punungkahoy, sinabi ko sa Espiritu: Namasdan kong ipinakita mo sa akin ang punungkahoy na pinakamahalaga sa lahat.

"At sinabi niya sa akin: Ano ang ninanais mo?

"At sinabi ko sa kanya: Ang malaman ang kahulugan nito . . .

". . . At namasdan ko ang lunsod ng Nazaret; at sa lunsod ng Nazaret ay namasdan ko ang isang birhen, at siya ay napakaganda at napakaputi. . . .

". . . At sinabi niya sa akin: Masdan, ang birheng iyong nakikita ang ina ng Anak ng Diyos, ayon sa laman.

". . . At tumingin ako at namasdang muli ang birhen, may dalang isang bata sa kanyang mga bisig.

"At sinabi sa akin ng anghel: Masdan ang Kordero ng Diyos, oo, maging ang Anak ng Walang Hanggang Ama!" (1 Nephi 11:9–11, 13, 18, 20–21).

Palagay ko'y mahalaga na nang hilingin ni Nephi na malaman ang kahulugan ng puno, ipinakita sa kanya ang unang Pasko. Pagkatapos ay itinanong ng Espiritu kung naunawaan ni Nephi ang kahulugan ng puno. Ibinigay ni Nephi ang inspiradong sagot na ito:

"Oo, ito ang pag-ibig ng Diyos, na laganap sa mga puso ng mga anak ng tao; anupa't ito ang pinakakanais-nais sa lahat ng bagay."

Idinagdag pa ng Espiritu, "Oo, at ang labis na nakalulugod sa kaluluwa" (1 Nephi 11:22–23).

Sa pamamagitan ng karanasang ito, nalaman ni Nephi na ang bagay na lubhang kanais-nais at nakalulugod sa ating kaluluwa ay ang madama ang pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Iyon ang tunay na handog ng Pasko. Gayunman, marami sa atin ang nahihirapang madama ang pagmamahal ng Diyos sa ating buhay—kahit ngayong Kapaskuhan. Narito ang apat na mungkahi ng mga bagay na magagawa natin para matanggap ang handog na pagmamahal ng Diyos sa Kapaskuhang ito.

1. Pag-aralan ang Salita ng Diyos

Simulan o panibaguhin ang regular na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga salita ng mga buhay na propeta. Sa pangitain ni Lehi, nakita niya ang "gabay na



bakal” (1 Nephi 8:19) na patungo sa puno. Ang mga taong nakadama sa pagmamahal ng Diyos ay humawak sa gabay na bakal, mahigpit na kumapit dito, at nagpatuloy sa paglakad hanggang sa makakain sila ng bunga ng punungkahoy (tingnan sa 1 Nephi 8:30). Nalaman ni Nephi na ang gabay na bakal na ito ay kumakatawan sa salita ng Diyos (tingnan sa 1 Nephi 11:25).

Maaanyayahan natin ang Panginoon sa ating buhay sa pag-aaral ng Kanyang mga salita. Hindi kailangang maging mahirap ang ating pangako. Kapag itinatanong ng mga kaibigan kung gaano katagal nila dapat pag-aralan ang mga banal na kasulatan, ang madalas kong sagot ay, “Magbasa kayo hanggang sa madama ninyo ang Espiritu; pagkatapos ay madarama ninyo ang hangaring magpatuloy.” Hindi ang bilang ng mga minuto, talata, o kabanatang nababasa natin ang mahalaga. Ang mas mahalaga ay ang karanasang hangad nating taglayin kasama ang Espiritu habang tayo ay nag-aaral. Pagpapalain tayo ng Panginoon sa bawat mumunting pagsisikap na ginagawa natin.

Kabilang sa pag-aaral ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* para sa Disyembre ang aklat ni Moroni at ang isang espesyal na kabanata na pinamagatang “Pasko.” Wala nang mas magandang pagkakataon na ituon ang ating sarili sa mga banal na kasulatan maliban sa pag-aaral ng mga panalangin sa sakramento at mga salita ng mga propetang gaya ni Moroni habang sila ay makapangyarihan at personal na nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo.

Maaari rin nating pag-aralan ang mga salita ng mga buhay na propeta sa pamamagitan ng pagbasa sa mga isyu ng pangkalahatang kumperensya ng *Liahona* o sa pakikinig sa kanilang mga mensahe sa Gospel Library. Gaya ng gabay na bakal sa panaginip ni Lehi, ang ating panibagong pag-aaral ng mga salita ni Cristo ay maaaring umakay sa atin para madama ang pagmamahal ng Diyos sa Paskong ito.

2. Maglingkod

Ang pinaka-natatanging Pasko marahil noong kabataan ko ay ang taon na sumama ang aming pamilya sa aking mga tita, tito, at pinsan para mamigay ng damit, pagkain, laruan, salamin sa mata, at mga kasangkapan sa isang pamilyang nangangailangan. Hindi ko malilimutan kailanman na naging bahagi kami ng malaking grupo na nagdala ng Pasko sa kanilang tahanan. Nagpatuloy ang damdaming iyon makalipas ang Pasko at ang mga pasasalamat ng ina at apat niyang anak ay nananatili sa aking alaala. Ang paglilingkod sa pamilyang iyon ay nagtulot sa pag-ibig ng Diyos na “l[um]aganap” (1 Nephi 11:22) sa puso ko.

Ang ating paglilingkod sa iba ay hindi kailangang maging napakalaki o kumplikado. Habang naglilingkod bilang bishop, nalaman ko na marami sa ating mga ward at komunidad, sa anumang araw, ang nalulumbay, nababalisa, o nahihirapan. Ang isang tawag sa telepono, maalalahaning text message, maikling liham, pagkaing lutong-bahay, paglalakad na kasama ang mga kapitbahay, o isang alok na tumulong sa mga anak ng isang tao ay maaaring isang himalang hulog ng langit at sagot sa panalangin.

Kung itatanong natin sa ating Ama sa Langit, “May matutulungan po ba ako ngayon?” maaaring pumasok sa ating isipan ang

isang pangalan o mukha, at ipapaunawa sa atin ng mga pahiwatig mula sa Espiritu Santo kung paano natin mapagpapala ang taong iyon. Kapag kumilos tayo ayon sa mga pahiwatig na iyon, madarama natin ang pagmamahal ng Diyos para sa kanila at sa atin.

Ang inisyatibo ng Simbahan na "Light the World [Maging Ilaw ng Sanglibutan]" ay nagpapahiwatig ng mga simpleng paglilingkod para maipadama sa iba ang pagmamahal ng Diyos. Kung nagpapahiwatig sa inyo ang Espiritu na tanggapin ang handog na pagmamahal ng Diyos sa inyong buhay sa pamamagitan ng paglilingkod sa Paskong ito, matutulungan kayo ng Light the World [Maging Ilaw ng Sanglibutan] na magsimula (bisitahin ang ComeuntoChrist.org).

3. Magsisi

Ang ikatlong paanyaya ay tanggapin ang handog na pagsisisi ng Tagapagligtas. Itinuro ni Elder Lynn G. Robbins ng Pitumpu: "Pagsisisi ang kaloob ng Diyos na laging matatamo na nagtutulot at nagbibigay-kakayahan sa atin na paulit-ulit na mabigo nang hindi nawawala ang kasigasigan. Ang pagsisisi ay hindi Niya alternatibong plano sakali mang mabigo tayo. Pagsisisi *ang* Kanyang plano, batid na gagawin natin ito."[1]

Mahirap ang buhay na ito. Sa pagsisikap nating magkamit ng buhay na walang-hanggan, lahat tayo ay nagkukulang at nangangailangan ng nakatutubos na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Cristo. Ang isa sa mga dahilan kaya kusang-loob na pinili ng Tagapagligtas na danasin ang parusa para sa ating mga kasalanan ay para maibigay Niya sa atin ang kaloob na pagsisisi. Nagsakripisyo na Siya. Ang kailangan lang nating gawin ay piliin kung tatanggapin natin ang Kanyang paanyaya:

"Anupa't sinuman ang magsisisi at lalapit sa akin na tulad ng maliit na bata, siya ay tatanggapin ko, sapagkat sa kanila ang kaharian ng Diyos. Masdan, sapagkat sa kanila ko inialay ang aking buhay, at muling kinuha ito; kaya nga magsisi, at lumapit sa akin kayong mga nasa dulo ng mundo, at maligtas" (3 Nephi 9:22).

Palagay ko ay may pasan tayong lahat na kasalanan, malaki o maliit, na idinidikta ng Espiritu na idiskarga natin. Makakatulong ang ating mga bishop at stake president. Mabait at mapagpatawad ang Tagapagligtas, at ibinabahagi Niya ang mga damdaming ito sa Kanyang mga lingkod. Mahal nila tayo at matutulungan tayong gumaling sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Matatanggap ng bawat isa sa atin ang alok ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya at mapagaling sa Paskong ito.

4. Bisitahin ang Bahay ng Panginoon

Ang ilan sa mga sandaling nadama ko ang pagmamahal ng Diyos ay sa Kanyang mga banal na templo. Doon, nabuklod kaming mag-asawa para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Nagpunta ako roon para humingi ng patnubay sa mga desisyon at makasumpong ng kapayapaan sa mga oras ng problema. Sa templo, parang mas malapit ang langit, at parang mas madaling dumaloy ang paghahayag.

Tungkol sa mga ordenansa ng Melchizedek Priesthood, na kinabibilangan ng mga ordenansa sa templo, sinabi ng Panginoon, "Sa mga ordenansa nito, ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita" (Doktrina at mga Tipan 84:20).

Sa pakikibahagi natin sa mga ordenansa sa templo, nakikilala natin ang Diyos, at ang kapayapaan at kapangyarihan ng buhay na maka-Diyos ay nakikita sa ating buhay.

Nangako si Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018) na, "Sa pagpunta natin sa templo, maaaring madagdagan ang ating espiritu-walidad at makadarama tayo ng kapayapaan na higit pa sa anumang damdaming maaaring dumating sa puso ng tao."[2]

Kung matagal-tagal na rin mula nang nakadama kayo ng kapayapaan, bakit hindi ninyo hayaang maging tanda ang Kapaskuhang ito ng pagsisimula ng regular na pagdalo ninyo sa templo? Kung hindi pa ninyo natatanggap ang sarili ninyong endowment, matutulungan kayo ng inyong bishop na maghanda. Madarama rin natin ang pagmamahal ng Diyos kapag nakakita at nagsumite tayo ng mga pangalan para matanggap ng ating mga ninuno ang mga pagpapala ng templo.

Ang Tunay na Handog

Ang salita ng Diyos, taos-pusong paglilingkod, pagsisisi, at paglahok sa mga ordenansa sa templo ay pawang mga pagkakataon upang matanggap ang tunay na handog ng Pasko. Isinulat ni Apostol Juan, "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak' (Juan 3:16). Ngayong Pasko, dalangin ko na magabayan ng Espiritu ang bawat isa sa atin na piliin ang mga bagay na magpapadama sa atin ng dakilang handog na pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesucristo. ■

MGA TALA

1. Lynn G. Robbins, "Hanggang sa Makapitongpung Pito," *Liahona,* Mayo 2018, 22.
2. Thomas S. Monson, "Mga Pagpapala ng Templo," *Liahona,* Mayo 2015, 91.

Pagiging Ilaw ng Sanglibutan sa Paris

Georgette Lalaus, Île de France, France

Nalaman ko na ang paglilingkod ay nagdudulot ng di-maipaliwanag na kagalakan at na ang maliliit na gawain ay magpapatatag sa mga tao sa mga pambihirang paraan.

Dahil sa mga taong walang tirahan na nasa kalye at mga refugee

na natutulog sa mga parke sa Paris, France, ang pangangailangang tumulong ay araw-araw na nakikita ng aming mga mata, kahit na sa panahon ng Kapaskuhan. Nagpasiya kaming tatlong magkakaibigan na bumuo ng isang grupo sa komunidad na tinatawag na Solidarity to Act Together [Pagkakaisang Kumilos nang Sama-sama] para tumulong saanman maaaring tumulong.

Sa tulong ng maraming boluntaryo sa buong komunidad gayundin ng mga Banal sa mga Huling Araw mula sa tatlong stake sa Paris, inorganisa namin ang mga aktibidad para sa Light the World [Maging Ilaw ng Sanglibutan] para matulungan ang ating mga kapatid na nangangailangan.

Sa loob ng tatlong magkakasunod na taon, nagdaos kami ng isang kaganapan para sa Light the World [Maging Ilaw ng Sanglibutan] tuwing katapusan ng taon kung saan ang mga artist, boluntaryo, at bisita mula sa iba't ibang simbahan at organisasyon sa Paris ay dumarating para magtanghal at magbigay ng mga suplay para sa mga nangangailangan. Gumugugol kami rito ng ilang buwang paghahanda, ngunit nakararanas ng malaking kagalakan ang mga boluntaryo at ang mga nagtatanghal sa pakikibahagi sa kaganapang ito. Wala sa kanila ang gustong palampasin ito. Para sa aming pangatlong kaganapan para sa Light the World [Maing Ikaw ng Sanglibutan], 82 kalahok ang nagpunta sa kabila ng welga sa transportasyon!

Bago ang kaganapan, naghanda at nagtipon kami ng mga backpack na puno ng mga hygiene product para maipamahagi sa mga refugee at mga taong walang tirahan sa Paris. Nagtipon din kami ng mga kumot, kubrekama, unan, gamit sa isports, tsinelas na panligo, at pati na rin ng isang bisikleta, na ibinigay sa mga refugee.

Noong nakaraang taon, nagkaroon din kami ng fashion show sa kaganapang ito. Sinabi ng isang 22-taonggulang na stylist na nakibahagi na ang suportang natanggap niya ay nagbigay sa kanya ng lakas na maniwala sa kanyang mga kakayahan. Habang kinakausap niya ako, napaalalahanan ako na kailangang madama ng lahat na kailangan sila at tayong lahat ay nangangailangan sa ilang paraan.

Nananabik kami para sa susunod na taon. Inaasahan namin na mas marami pa ang magiging mga kalahok at aktibidad. Ang ilan ay nag-alok pa nga ng mga bodega at mga refrigerated van na makakatulong sa amin habang nakikipagtulungan kami sa mga ahensya ng komunidad at sa isang malaking international catering company para makapagbigay ng balanseng pagkain sa mga nangangailangan. Gumagawa rin kami ng paraan para makapagbigay ng mga libreng lesson sa French para sa mga nag-aaral ng French bilang pangalawang wika.

Nakita ko na ang paglilingkod para sa isang marangal na layunin ay nagdudulot ng di-maipaliwanag na kagalakan. Ang maliliit na gawain ay nakapagpapatatag sa mga tao sa pambihirang mga paraan. Ang mga ngiti at pasasalamat na natatanggap namin ay naghihikayat sa amin na gumawa ng higit pa rito. ■

PAGLALARAWAN NI ELLEN MARELLO

Ang Kapangyarihan ng Panalangin sa Bilangguan

Portia Louder, Utah, USA

Lagi kong maaalala ang Bisperas ng Paskong ito.

Nakulong ako nang apat at kalahating taon sa pederal na bilangguan dahil sa pandaraya sa real estate. Karamihan sa mga babae roon ay tahimik at may paggalang. Pagkatapos ay 10 kababaihan ang lumipat sa selda sa tapat ng selda namin.

Gising pa rin sila kahit gabing-gabi na at nagtatawanan at nakikinig sa malalakas na musika. Parang wala silang pakialam kung paano naapektuhan ng asal nila ang iba. Hiniling sa akin ng mga kasama ko sa selda na kausapin sila, pero ang mga paguusap na tulad nito ay kadalasang hindi maganda ang kinalalabasan sa bilangguan. Sa halip ay nanalangin ako na magbago ang ugali ng mga babaeng ito at magkaroon muli ng kapayapaan, pero lumala lang ang sitwasyon.

Habang nagdarasal isang gabi, natanto ko na wala pa akong ginawang kahit ano para makilala ang mga kapitbahay ko. Nagpunta ako sa kanilang selda kinabukasan at kinausap ko sila. Ipinakita nila sa akin ang mga larawan ng kanilang mga pamilya at mahal sa buhay. Humingi sila ng paumanhin sa pagiging masyadong maingay. Mula noon, sila ay kumakaway at mukhang masaya kapag nakikita nila ako.

Ilang linggo bago sumapit ang Pasko, inimbita nila akong maghapunan kasama nila sa Bisperas ng Pasko. Nagplano rin kaming ibahagi sa isa't isa ang mga espirituwal na karanasan namin. Pagsapit ng Bisperas ng Pasko, sama-sama kaming nagtipon at nagsabit ng ilang dekorasyong papel. Wala kaming Christmas tree, pero nadama naming lahat ang kapayapaan. Pagkatapos ng aming simpleng hapunang isdang tuna at potato chips, ibinahagi namin ang aming mga karanasan. Magkakaiba ang aming relihiyon at iba-iba ang bawat kuwento namin, pero magkakaugnay ang aming mga puso at naroon ang Espiritu.

Ikinuwento sa amin ni April na namatay ang kanyang ina sa sobrang pagdodroga noong siya ay 14 taong gulang. Tumira si April sa kalye at ipinaampon ang sanggol niyang anak noong siya ay 15 taong gulang. Siya ay nahirapan sa sarili niyang pagkalulong sa droga, nagsimulang magbenta ng droga, at napunta kalaunan sa bilangguan.

"Isang araw napaisip ako kung bakit pa ako nabubuhay," sabi ni April. "Wala namang magbabago kung mamamatay ako. Walang nakakaalam na nasa bilangguan ako. Walang makakaalam na wala na ako." Pagkatapos ay nagdasal siya at nagtanong sa Diyos kung kilala Niya kung sino siya.

Nang sumunod na linggo, isang tagapayo sa bilangguan ang nag-abot sa kanya ng isang liham mula sa batang babaeng ipinaampon niya.

"Talagang sinusubaybayan ka ng Diyos," sabi ng tagapayo.

"Sumusulat ako ngayon sa aking anak, at minsan ay binisita niya ako," sabi ni April. "Wala akong gaanong alam tungkol sa relihiyon, pero alam kong nagmamalasakit ang Diyos sa akin dahil sinagot Niya ang panalangin ko."

Matapos magkuwento si April, nakaupo kaming lahat nang tahimik na may luha sa aming mga mata.

Habang nasa bilangguan ako, ibinuhos ko ang puso ko sa panalangin para hilingin sa ating Ama sa Langit na pangalagaan at protektahan ang aking pamilya. Ngunit nang ipagdasal ko ang mga kapitbahay ko sa bilangguan, nagsimula kong makita ang kanilang banal na potensyal at mas lubos kong nadama ang pagmamahal at awa ng ating Tagapagligtas.

Maganda ang Bisperas ng Paskong iyon sa bilangguan. ■

PAGLALARAWAN NI PHIL ART

Mga Regalong Pamasko o Ikapu?

Anna Williams, Alabama, USA

Naniwala ako na totoo ang ebanghelyo, pero kaya ko bang magbayad ng ikapu?

Naghahanap ako ng isang simbahan nang ipakilala ako ng mga sister missionary sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nabinyagan ako at kinumpirma matapos ang isa at kalahating buwan. Ang isa sa mga bagay na itinuro sa akin ng mga missionary ay ang alituntunin ng ikapu.

"Tatanggap ka ng mga pagpapala kung magbabayad ka ng ikapu," sabi nila sa akin.

Nag-iisang magulang ako. Halos wala akong sapat na pera para bumili ng pagkain at bayaran ang aking mga bayarin. Madalas ay namimili ako kung magbabayad ako ng ikapu o bibili ng pagkain, magbabayad ng aking bayarin, o magbabayad ng sasakyan.

Sa loob ng ilang taon, dinaanan ko ang mga yugto ng pagsisikap na magbayad ng ikapu. Sa huli, sinabi ko, "Kung naniniwala ka na ang ebanghelyo ay totoo, kung gayon ay kailangan mong kumilos. Kapag kumilos ka, pagpapalain ka ng Diyos."

May utang ako na $500 sa ikapu, pero kailangan ko rin ng $503 para mabayaran ang ilang bayarin. Hindi ko alam kung paano ito uubra, pero sinabi ko, "Susubukan ko lang." Binayaran ko ang aking ikapu. Walang nakakaalam na ako ay may kulang na $503, pero may isang taong hindi nagpakilala na nagpadala sa akin ng limang $100 sa koreo.

Iyon ang gumawa ng malaking pagbabago sa buhay ko. Binago ako nito sa espirituwal na paraan. Nalaman ko na mahal ako ng Diyos, na nagmamalasakit Siya sa akin, at nais Niya akong magtagumpay. Mula noon, nagbabayad na ako ng ikapu. Ngunit hindi ito palaging madali.

Isang Pasko ilang taon na ang nakararaan, naaalala ng panganay kong anak na babae na narinig niya akong nagsasabing hindi ko kayang magbayad ng ikapu *at* bumili ng mga regalo sa Pasko para sa kanya at sa kanyang mga kapatid.

"Alam po namin na hindi kami makakakuha ng kahit ano, pero ayos lang po iyon," sabi sa akin ng anak kong babae kalaunan. "Nagpasiya po kami na gusto namin kayong magbayad ng ikapu."

Tulad ng dati, naglaan ang Panginoon, at nakatanggap sila ng mga regalo sa Pasko.

Para sa isang nag-iisang magulang, ang masuportahan ang kanyang mga anak at makapagbayad ng ikapu ay isang malaking bagay. Mula nang magpasiya akong magbayad ng ikapu, nabiyayaan ako. Hindi ako mayaman, ngunit laging gumagawa ng paraan ang Panginoon para sa akin.

Pinagpala rin ako sa iba pang mga paraan. Ang magagandang halimbawa ng mga miyembro ng Simbahan at pamilya ay nakatulong sa akin at sa aking mga anak na manatiling aktibo sa Simbahan. Sinabi ko sa kanila na lahat ng iyon ay bahagi ng pagpapalang ipinangako ng Panginoon—na bubuksan ang mga dungawan ng langit para sa amin. ■

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

May Isang Mawawala sa Susunod na Taon

Rebecca Clarkson, California, USA

Pagsapit ng Bisperas ng Pasko, naisip ko kung gaano ko kamahal ang aming pamilya. Pagkatapos ay nakadama ako ng isang malinaw na impresyon.

Bisperas noon ng Pasko. Katatapos lang naming makuha ang mga bago naming pajama, isang tradisyon sa aming pamilya. Nagpatugtog ng musikang Pamasko ang mga bata at sumayaw ang lahat. Walang may sumpong; lahat ay masaya, nakangiti, at nagkakasayahan. Nalalaman na ipinagbubuntis ko ang isa pang anak, iniisip ko kung gaano ko kamahal ang aming pamilya, kung gaano ako kasabik na ako ay may ipinagbubuntis na isa pang anak.

Pagkatapos ay nakadama ako ng isang malinaw na impresyon. Ibinulong sa akin ng Espiritu na ang isa sa mga miyembro ng aming pamilya ay hindi na namin makakasama sa susunod na taon.

Kalaunan nang gabing iyon, habang inilalagay namin ng asawa kong si Tim ang mga regalo sa ilalim ng puno, sinabi niya sa akin na nadama niya ang isang impresyon noong maaga-aga pa ng gabing iyon na hindi na namin makakasama ang isa sa mga miyembro ng aming pamilya sa susunod na Bisperas ng Pasko. Sinabi ko kay Tim na ganoon din ang nadama ko.

Bago kami umalis papunta sa isang biyahe pagkatapos ng Pasko para bisitahin ang pamilya sa ibang estado, kinausap ni Tim ang aming mga anak tungkol sa pagiging ligtas habang nagbibiyahe kami. Nabagabag kami sa ideya na mawalan ng isang kapamilya sa aming biyahe, ngunit nakadama kami ng katiyakan na magiging maayos ang lahat. Naglakbay kami, nagkaroon ng magandang pagbisita sa mga kapamilya, at ligtas na nakauwi.

Hindi nagtagal ay dumating ang araw para sa aking regular na prenatal checkup. Naghatid ang doktor ng malungkot na balita. Nakumpirma sa ultrasound na ang sanggol ay namatay dalawang linggo bago ang pagbisita.

Nang umuwi kami ni Tim na nanlulumo, natanto namin na Bisperas ng Pasko dalawang linggo na ang nakararaan. Hindi namin alam kung kailan talaga pumapasok sa katawan ang espiritu, pero nadama namin ni Tim na nakasama namin sa pamilya ang aming sanggol, kahit na sandali lang, noong Bisperas ng Pasko habang nagsasayawan at masaya ang lahat. Nakadama kami ng labis na kagalakan, at nararamdaman namin na naging bahagi nito ang aming sanggol. Nang lisanin niya kami, naniniwala kami na siya ang miyembro ng aming pamilya na hindi namin makakasama sa susunod na Bisperas ng Pasko. Naniniwala ako na balang-araw ay makikita naming muli ang aming sanggol. Nagpapasalamat ako sa kapayapaang dulot nito sa akin. ■

PAGLALARAWAN NI KENDRA BINNEY

Moroni 1–6
(NOBYEMBRE 30–DISYEMBRE 6)

Ano ang matututuhan natin mula sa aklat ni Moroni?

Nabuhay si Moroni sa panahon na puno ng kagulu-han. Nasaksihan niya ang huling pagkalipol ng mga Nephita, namatay ang kanyang ama sa labanan (tingnan sa Mormon 8:3), at pinatay ang mga Nephi-ta na tumangging itatwa si Jesucristo (tingnan sa Moroni 1:2). Tumanggi rin si Moroni na "[itatwa] ang Cristo" (Moroni 1:3). Tuma-kas siya para makaligtas at nagtago sa loob ng mara-ming taon.

"Ako ay susulat ng ilan pang bagay" (Moroni 1:4)

Sa panahong ito, akala ni Moroni ay tapos na ang pagsulat niya sa mga lamina, ngunit kalooban ng Panginoon na siya ay "[sumulat] ng ilan pang bagay, na marahil ang mga yaon ay magiging mahalaga sa aking mga kapatid . . . sa mga darating na araw" (Moroni 1:4).

Bakit niya isinulat iyon?

Batid ang mga banal na layunin ng Aklat ni Mormon, kinailangang maingat na piliin ni Moroni ang kanyang isinulat. Matapos basa-hin ang aklat ni Moroni, isiping itanong kung bakit pinili ni Moroni na itala ang kanyang ginawa. Ano sa pakiramdam niya ang maha-laga? Paano iniimpluwensyahan ng huling patotoo ni Moroni ang damdamin mo tung-kol sa Aklat ni Mormon?

Ano ang isinulat niya?

Idinagdag ni Moroni ang mga kabanata 8 at 9 sa aklat ni Mormon, isinama ang kanyang pinaikling aklat ni Eter, at idinagdag ang sari-li niyang aklat (ang aklat ni Moroni) sa mga lamina ni Mormon.

Ang sulat ni Moroni ay naglalaman ng maraming bagay na mahalaga sa atin. Sumulat siya tungkol sa gawain ng Simbahan (tingnan sa Moroni 1–6), isinama ang mga turo mula sa kanyang amang si Mormon (tingnan sa Moroni 7–9), at itinala ang kanyang huling patotoo (tingnan sa Moroni 10).

MGA PAGLALARAWAN NI ANDREW BOSLEY

Moroni 7–9
(DISYEMBRE 7–13)

“Ano ito na inyong aasahan?” (Moroni 7:41)

HEALING THE BLIND MAN [PAGPAPAGALING SA LALAKING BULAG], NI CARL BLOCH

“Kayo ay magkakaroon ng **pag-asa** sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni **Cristo** at sa kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, na ibabangon tungo sa buhay na walang hanggan”

(Moroni 7:41).

Moroni 10
(DISYEMBRE 14–20)

Paano ako maghahangad ng espirituwal na mga kaloob?

Ang mga espirituwal na kaloob ay ibi-nibigay ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo para sa ating kapakinabangan (tingnan sa Moroni 10:8). Bawat isa sa atin ay nabiyayaan ng espirituwal na mga kaloob mula sa Diyos, at maraming kaloob tayong matatanggap.

Ang ilang espirituwal na kaloob ay tinukoy sa mga banal na kasulatan (tingnan sa Moroni 10:9–16; Doktrina at mga Tipan 46:13–25); marami ang hindi. Paano mo matutukoy at mapapaunlad ang espirituwal na mga kaloob na bigay ng Diyos sa iyo? Paano ka magkakaroon ng iba pang mga kaloob? Narito ang ilang ideya para matulungan ka:



Magtanong

Manalangin at magtanong sa Diyos kung anong espirituwal na mga kaloob ang naibigay Niya sa iyo o alin ang dapat mong sikaping matamo. Tutulungan ka Niya. Maaari ring ihayag ng iyong patriarchal blessing ang iyong espirituwal na mga kaloob. Kung hindi mo pa natatanggap ang iyong patriarchal blessing, isiping kausapin ang inyong bishop o branch president tungkol sa pagtanggap nito.

Mag-aral

Ang espirituwal na mga kaloob ay nangangailangan ng pagsisikap upang matanggap ang mga ito. Habang nagsisikap para sa isang partikular na kaloob, isiping alamin ang iba pa tungkol doon mula sa mga banal na kasulatan, sa iyong patriarchal blessing, o sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya. Maaari mo ring itanong sa iba ang kanilang mga karanasan.

Kumilos

Nakakatulong ang pag-aaral tungkol sa espirituwal na mga kaloob, ngunit kailangan mong gamitin ang kaalamang iyan. Kapag nananampalataya ka kay Jesucristo, nagsisisi, at tumutupad sa iyong mga tipan, karapat-dapat kang tumanggap ng espirituwal na mga kaloob. Gayundin, humanap ng mga sitwasyon kung saan magagamit mo ang iyong espirituwal na mga kaloob. Tandaan na ang mga kaloob na ito ay hindi lamang makakatulong sa iyo, kundi maaari rin itong maging kapaki-pakinabang sa iba (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 46:26). Paano mo magagamit ang iyong espirituwal na mga kaloob para tulungan ang iba?

MGA PAGLALARAWAN NI BETH JEPPSON

Pasko
(DISYEMBRE 21–27)

Ano ang itinuturo sa atin ng mga propeta sa Aklat ni Mormon tungkol sa Pasko?

Habang binabasa mo ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, ano ang itinuturo sa atin ng bawat propeta tungkol sa pagsilang ng Tagapagligtas? Isiping itala ang iyong mga iniisip o ibahagi ang mga ito sa iyong pamilya.

Nephi, ang anak ni Helaman (mga AD 1)

"Ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa kanya, sinasabing: . . . kinabukasan, paparito ako sa daigdig" (tingnan sa 3 Nephi 1:4–22).

600 BC | 500 | 400 | 300 | 200 | 100 | 0



Nephi (mga 600 BC)

"Namasdan ko ang isang birhen . . . may dalang isang bata sa kanyang mga bisig. At sinabi sa akin ng anghel: Masdan ang Kordero ng Diyos, oo, maging ang Anak ng Walang Hanggang Ama!" (tingnan sa 1 Nephi 11:13–33).



Abinadi (mga 148 BC)

"Lahat ng propeta . . . mula pa sa simula ng daigdig—. . . hindi ba't sinabi nila na ang Diyos na rin ang bababa sa mga anak ng tao . . . ?" (tingnan sa Mosias 13:33–35).

Haring Benjamin (mga 124 BC)

"Ang Panginoon . . . ay bababa . . . sa mga anak ng tao, . . . at siya ay tatawaging Jesucristo, ang Anak ng Diyos, . . . at ang kanyang ina ay tatawaging Maria" (tingnan sa Mosias 3:5–11).

Nakababatang Alma (mga 83 BC)

"Siya ay isisilang ni Maria, . . . maging ang Anak ng Diyos" (tingnan sa Alma 7:7–13).



Samuel, ang Lamanita (mga 6 BC)

"Limang taon pa ang lilipas, at masdan, pagkatapos ay paparito ang Anak ng Diyos" (tingnan sa Helaman 14:1–13).

MGA PAGLALARAWAN NI DAN BURR

Paano Ko Kakausapin ang Aking mga Anak tungkol sa Ebanghelyo sa **mga Karaniwang Paraan?**

KARAGDAGANG MAKAKATULONG NA RESOURCES

- "Minamahal Naming mga Magulang" (pabalat sa likod ng *Kaibigan*)
- "Mga Tuko, Kuliglig, at Oras sa mga Anak" (Hunyo 2019 *Liahona*)
- "Pagprotekta sa mga Bata" (Okt. 2019 *Liahona*)
- "Pag-uusap tungkol sa Mahihirap na Paksa" (Mar. 2015 *Liahona*)

Habang sama-samang kumakain o bago matulog

Kapag may problema ang iyong anak

7 Di-pormal na Pagka-kataong Makapag-usap

Ano ang palagay mo tungkol sa mga mensaheng iyon sa pangkalahatang kumperensya na pinanood natin?

MGA PAGLALARAWAN NI JOSIE PORTILLO

Bilang mga magulang, tungkulin nating turuan ang ating mga anak tungkol sa ebanghelyo. Ngunit ang talakayan tungkol sa ebanghelyo ay hindi kailangang masyadong seryoso o pormal! Narito ang ilang ideya para matalakay ang ebanghelyo sa pang-araw-araw na buhay.

7 Paraan para Masimulan ang Pag-uusap

May nagtanong na ba sa iyo sa sinuman sa mga kaibigan mo tungkol sa relihiyon?

Mga Kaisipan at mga Tip

- **Ituro sa iyong anak na okey lang magtanong tungkol sa ebanghelyo.** Tutal naman, isang tanong ang nagbunsod kay Joseph Smith na magdasal para humingi ng tulong, na humantong sa Unang Pangitain! Tulungan silang maunawaan na mapapalakas pa rin nila ang patotoo kahit hindi nila matanggap ang lahat ng sagot.
- **Ipaalam kapag nadarama mo ang Espiritu,** maging ito man ay sa home evening, sa simbahan, o sa isang magandang dapit-hapon. Makakatulong ito sa kanila para unti-unting matukoy kung paano nangungusap sa atin ang Espiritu. Ipaliwanag na maaaring makipag-ugnayan sa atin ang Espiritu sa iba't ibang paraan, tulad ng magiliw o magaan na damdamin, malinaw na pag-iisip, kapanatagan, atbp.
- **Gawing madali para sa kanila na mabasa o marinig ang mga mensahe ng ebanghelyo.** Maaaring hindi maghanap ng mga artikulo sa mga magasin ng Simbahan ang iyong tinedyer sa kanyang telepono, ngunit maaari niyang basahin nang mabilis ang isang *Liahona* na nakapatong sa mesa. Maaaring hindi sila makinig sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa kanilang libreng oras, ngunit maaari silang makarinig ng ilang salita mula sa isang mensaheng pinakikinggan mo habang naghahanda ka ng hapunan.
- **Ang pinakamahalaga, patuloy na magsikap, kahit na tila hindi iyon epektibo!** Ang mga banal na kasulatan ay puno ng mga kuwento tungkol sa mga anak na hindi nakinig noong una, gaya ni Nakababatang Alma. Magtiwala na balang-araw ay titimo ang espirituwal na mga katotohanan sa kanilang puso. ■

Mga Young Adult

Sa Bahaging Ito

44 **Paghatol ng Matuwid na Paghatol (Kahit sa Social Media)**

Ng mga general board member ng Young Women at ng *Liahona* staff

48 **Ang Katotohanan sa Likod ng mga Perpektong Profile na Iyon**

Ni Bárbara Rodríguez

Digital Lamang

Ang Ating Trabaho ay Hindi ang Maghagis ng mga Bato

Hindi ibinigay ang pangalan

Paano *Gumamit* ng Social Media nang Hindi *Nakikigulo* Roon

Ni Faith Ferguson

Hanapin ang mga artikulong ito at ang iba pa:
- Sa **liahona.ChurchofJesusChrist.org**
- Sa **Lingguhang YA** (sa ilalim ng bahaging Mga Young Adult sa Gospel Library)

Ibahagi ang Iyong Kuwento

Mayroon ka bang karanasan na maibabahagi? O mayroon ka bang mga artikulo na nais makita tungkol sa mga partikular na paksa? Kung gayon, nais naming makarinig mula sa iyo! Maaari mong ipadala ang iyong mga artikulo o feedback sa **liahona.ChurchofJesus Christ.org.**

Paggawang Positibong Lugar sa Social Media

Limang taon na ang nakararaan, nagpasiya kaming mag-asawa na magsimula ng isang YouTube channel, kung saan masaya naming sinimulang ibahagi ang paraan ng aming pamumuhay bilang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo. Ang ideya namin ay pag-usapan ang aming mga paniniwala sa pamamagitan ng aming pamumuhay.

Napagpapala na kaming makatanggap ng nagbibigay-inspirasyong mga mensahe mula sa ilan sa aming followers na nagkukuwento sa amin tungkol sa pagsisimba sa unang pagkakataon o maging tungkol sa pagpapabinyag! Napuspos kami ng labis na kagalakan sa mga mensaheng ito.

Lubos kaming nagpapasalamat sa mga nagpapayamang karanasang handog sa amin ng pagpapalaganap ng mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa pamamagitan lamang ng pagbabahagi ng aming buhay. Ngunit samantalang ang social media ay makalilikha ng mga di-kapani-paniwalang karanasan, matutulungan tayong magkaroon ng mga makabuluhang ugnayan, at tutulutan tayong ibahagi ang ating patotoo tungkol sa ebanghelyo, mabibigyan din tayo nito ng mga karanasang nagpapahina sa ating espirituwalidad, aakayin tayong hatulan ang iba sa masasamang paraan, at hindi natin makikita kung sino talaga tayo.

Tatalakayin sa bahaging para sa mga young adult sa buwang ito ang mga paksang iyon at marami pang iba. Madaling ikumpara ang ating sarili o ang ating buhay sa nakikita natin sa social media, ngunit maaari tayong matutong gumamit ng social media upang lumikha ng positibong kapaligiran kung saan malalabanan natin ang paghatol sa ating sarili o sa ibang tao, magkakaroon tayo ng tiwala sa ating likas na kabanalan, at higit sa lahat, maipaparating natin sa iba, sa pamamagitan ng ating halimbawa, ang kaligayahang dulot ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Bárbara Rodríguez

Paggawa ng Mabuting Paghatol (Kahit sa Social Media)

Sa tulong ng Tagapagligtas, matututuhan nating humatol sa mga paraang nais Niya.

Ng mga miyembro ng Young Women general board at *Liahona* staff

"Huwag manghusga."

Madalas nating marinig ito sa mundo ngayon, kasama ang mga mensaheng nagsasabi sa atin na wala tayong karapatan na husgahan ang iba. Kahit na ang salitang *paghatol* ay iniuugnay sa maraming negatibong bagay. Ngunit bilang mga miyembro ng Simbahan ng Tagapagligtas, alam natin na ang paghatol ay isang bagay na ipinayo Niyang gawin natin—basta't ginagawa natin ito sa Kanyang paraan.

Nang pagalingin ni Jesus ang isang lalaki sa araw ng Sabbath, malupit ang naging paghatol sa Kanya dahil ang batas ni Moises ay may mga restriksyon sa mga maaaring gawin sa araw ng Sabbath—at hindi naisip ng mga tao na kumikilos Siya ayon sa mga alituntuning iyon. Ngunit pinagalitan sila ng Tagapagligtas sa mabilis na paghahanap ng mali sa iba. Pagkatapos ay pinayuhan Niya sila na "huwag kayong humatol batay sa anyo, kundi humatol kayo nang matuwid na paghatol" (Juan 7:24; tingnan din sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 7:1–2).

Tulad ng mga taong humatol sa Tagapagligtas, gaano natin kadalas na hinahatulan ang iba sa mga maling paraan? Marahil ay higit pa sa iniisip natin! Dahil napakadaling hatulan ang iba, lalo na sa mundo ng social media, maaaring kailangan nating matutuhan kung paano ipamuhay ang payo ng Tagapagligtas na gumawa nang mabuting paghatol sa mundo ngayon.

Pagkilala sa Pagitan ng Mababuti at Di-Mababuting Paghatol

Ang paghatol ay bahagi ng ating kakayahang pumili. Maraming bagay ang kailangan nating gamitan ng paghatol sa buhay: mga bagay tulad ng pagpili ng trabaho, pagpapasiya kung sino ang makakasama at *kung paano* gugugulin ang ating oras, kung anong social media ang gagamitin, at kung anu-ano pa. Ngunit paano natin gagawin ang mga paghatol na ito—at sa huli ang *lahat* ng ating mga paghatol—nang mabuti?

Si Pangulong Dallin H. Oaks, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay nagbigay ng anim na patnubay kung paano gumawa nang mabuting paghatol. Malalaman natin kung gumagawa tayo ng mababuting paghatol kung:

1. Ang mga ito ay "umiiwas sa paghahayag na ang isang tao [ay] nakasisigurado sa kadakilaan o . . . tiyak na daranas ng apoy ng impiyerno."
2. Ang mga ito ay "ginagabayan ng Espiritu . . ., hindi ng galit, paghihiganti, inggit, o pansariling interes."
3. Ang mga ito ay "saklaw ng ating pamamahala."



4. Ang mga ito ay kinabibilangan ng "sapat na kaalaman sa mga katotohanan."
5. Ang mga ito ay hindi tungkol sa mga tao kundi sa halip ay tungkol sa mga sitwasyon.
6. Ang mga ito ay "gumagamit ng mabubuting pamantayan."[1]

Nagbigay rin ng gabay ang propetang si Moroni sa paggawa ng mabubuting paghatol: "Lahat ng bagay na mabuti ay nagmumula sa Diyos; at yaong masama ay nagmumula sa diyablo; sapagkat ang diyablo ay . . . nag-aanyaya at nang-aakit na magkasala, at patuloy na gawin ang yaong bagay na masama" (Moroni 7:12).

Kapag nag-i-scroll sa social media, pinag-iisipan ang pagkakaibigan, o nagpapasiya kung paano gugulin ang ating oras, bago gumawa ng isang paghatol, maaari nating tanungin ang ating sarili, ang post/tao/gawain ba na ito ay:

- nagpapadama sa akin ng kapayapaan at kabutihan?
- nag-aanyaya sa akin na gumawa ng mabuti?
- tumutulong sa akin na mahalin ang Diyos at paglingkuran Siya?

Kapag naunawaan natin na ang lahat ng mabubuting bagay ay nagmumula sa Diyos, magagamit natin ang ating kalayaan para gumawa ng matatalino at mabubuting paghatol sa iba, sa ating sarili, at sa mga bagay na ginagawa nating bahagi ng ating buhay.

Pag-ahon Mula sa Paulit-ulit na Di-Mabubuting Paghatol

Ngayong natukoy na natin kung ano ang mabuting paghatol, ano ang magagawa natin kapag nakita natin ang ating sarili na mas madalas na gumagawa ng di-mabubuting paghatol? Narito ang ilang ideya:

- Mag-ayuno mula sa social media. Mabibigyan kayo nito ng pagkakataong maghinay-hinay, magsaayos, at makipag-ugnayang muli sa iba sa tapat na mga paraan. Kapag nakikita mo ang mga tao sa labas ng social media, maiisip mo na sila ay tunay na mga tao na may tunay na paghihirap, at hindi mo na sila gaanong gustong hatulan.
- Sa halip na mag-post tungkol sa iyong sarili, mag-post ng tungkol sa isang tao na mahal mo na nagbigay-inspirasyon sa iyo. Sabihin sa iba kung bakit mo hinahangaan ang taong ito. Binibigyan ka nito ng pagkakataong mas makita ang iba at mapagpala sa halip na magpasikat.
- Piliing magbigay ng isang tunay at taos-pusong tugon araw-araw sa social media, ito man ay sa pagbibigay ng birthday wish, isang pagbati, o maging sa isang mabuting mensahe.
- Laging may mga tao sa social media na masyadong marami ang ibinabahagi, tanging mga pambihirang bakasyon lamang ang ibinabahagi, may mga pamilyang tila perpekto, o madalas na makipagtalo. Bago tayo humatol, maaari nating itanong sa ating sarili, "Ano ang alam ng Panginoon tungkol sa taong ito, at ano ang matututuhan ko tungkol sa kanila?" Humingi ng tulong sa panalangin na makita sila gaya ng pagkakakita Niya sa kanila. At kung ang kanilang mga post ay patuloy na nagbibigay sa iyo ng mga negatibong damdamin, maaari mo silang i-unfollow kahit anong oras.

Kapag nakikita natin ang lahat kung ano talaga sila—mga anak ng mga magulang sa langit—ang ating mababababaw na impresyon sa kanila ay magiging walang-hanggang pananaw. Mayroong kapangyarihan sa pag-unawa ng tunay na pagkatao at layunin ng bawat isa. Tulad ng ipinaalala sa atin ni Sister Michelle Craig, Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency:

"Kayo ay may banal na katangian at layunin na akma para sa *inyo*. . . .

"Madaling ihambing ang ating sarili sa iba. Palaging may isang taong tila maayos ang lahat sa buhay nila o mas mahalaga kaysa sa atin. Ngunit madalas ay nalilimutan natin na ang layunin nila ay naiiba kumpara sa ating layunin. Kapag sinisikap nating mamuhay nang tapat ayon sa kung sino talaga tayo—kapag naunawaan at pinahalagahan natin ang mga

kaloob at talento ng Diyos na natatangi lamang sa atin bilang mga indibiduwal—kung magkagayon ay talagang mararanasan natin ang kagalakan."[2]

Sa huli, ang pag-iwas sa paulit-ulit na paghatol sa social media ay kailangan ng ating pagsisikap. Kailangan nito ng pagtuon sa ibang tao para maantig ang buhay ng iba. Kailangan nito ng pagtulong sa iba at pagbabahagi ng Liwanag ni Cristo. Sa paggawa nito, hindi lamang natin pinaglilingkuran ang iba, kundi nagiging mas maganda rin ang pakiramdam natin sa ating sarili.

Pagdaig sa Paghatol sa Sarili at sa Nakalalasong Paghahambing

Ang isa sa mga mabisang kasangkapan ni Satanas ay ang pagsisikap na hadlangan tayo na magkaroon ng tunay na pagkaunawa sa ating totoong identidad. Kapag hindi natin nakikita ang ating tunay na identidad, maaaring halinhinan ng panghuhusga at pagpuna sa sarili ang damdamin ng pagkahabag at pagmamahal sa sarili. Lumalayo tayo sa iba, sa ating sarili, at maging sa Espiritu Santo.

Sa katunayan, ang paghahambing ay hindi laging tungkol sa mga taong pinaghahambingan natin ng ating sarili; ito ay madalas na tungkol sa ating sarili at sa ating pakiramdam na tayo ay mas mababa sa iba. Sa katotohanan, ang paghahambing na ito ay maaaring isang hindi mabuting paghatol sa ating sarili.

At habang ang paghahambing ay maaaring maging isang *magnanakaw* ng kagalakan,[3] ang malaman ang ating kahalagahan, ang ating mga kalakasan at talento, at layunin ng Ama sa Langit para sa atin at kung ano ang maaari nating kahinatnan ang *susi* sa kagalakan.

Ginugol ng Tagapagligtas ang Kanyang buhay sa paggawa ng mabuti (tingnan sa Mga Gawa 10:38). Nabuhay Siya para sa iba, na walang kapintasan. Subalit Siya ay pinagsalitaan at hinatulan pa rin. Ngunit dahil alam Niya kung sino talaga Siya at kung ano ang Kanyang layunin, nagawa Niyang harapin ang paghatol nang maayos, nang hindi ito hinahayaang hadlangan ang dapat Niyang gawin.

Kapag sinunod natin ang Kanyang halimbawa, magagawa rin natin iyon! Pinadadali ng mundo na ituon ang ating sarili sa paghahambing at paghatol at kalimutan kung sino tayo, ngunit maaari tayong matuto sa itinuro ni Sister Joy D. Jones, Primary General President: "Kung ang pagmamahal na nadarama natin para sa Tagapagligtas at sa ginawa Niya para sa atin ay higit pa sa lakas na ibinibigay natin sa mga kahinaan, pagdududa sa sarili, o masasamang gawi, tutulungan Niya tayong madaig ang mga bagay na nagsasanhi ng pagdurusa sa ating buhay. Inililigtas Niya tayo mula sa ating sarili."[4]

Tulad ng nalalaman natin, "Ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 18:10). Ngayon palitan ang salitang *mga kaluluwa* ng iyong sariling pangalan. Pag-isipan iyan sandali. Alam ng Ama sa Langit ang iyong pangalan, alam Niya ang iyong kahalagahan, at ang Kanyang Bugtong na Anak ay namatay para sa iyo dahil ikaw ay *ganoon* kahalaga sa Kanya.

Kaya't kapag tila mabigat ang pasanin mo at nagsisimula ka nang maghambing, lumapit sa Kanila at madarama mong mawawala ang pagdududa at paghatol sa sarili at madarama ang tunay na tiwalang nagmumula sa kaalaman ng iyong walang-katumbas na kahalagahan.

Pagbaling sa Tagapagligtas

Maaari tayong bumaling palagi sa Tagapagligtas para sa paggabay sa lahat ng ating ginagawa. Bahagi ng iniaalok Niya sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala ay ang kapangyarihang nagbibigay-kakayahan para magbago at malaman kung paano gawin ang lahat ng ipinagagawa Niya sa atin. At kapag pipiliin nating sumunod at lumapit sa Kanya, tutulungan Niya tayong matutuhang iwasang gumawa ng masasamang paghatol at makita ang iba—at ang ating sarili—gamit ang Kanyang mga mata. ■

MGA TALA

1. Dallin H. Oaks, "'Judge Not' and Judging," *Ensign,* Ago. 1999, 9–12.
2. Michelle Craig, "How Do You Feel Joy in the Lord?" Nob. 22, 2019, blog.ChurchofJesusChrist.org.
3. "Ang paghahambing ay ang magnanakaw ng kagalakan" ay sinasabing nagmula kay Theodore Roosevelt.
4. Joy D. Jones, "Halagang Hindi Masusukat," *Liahona,* Nob. 2017, 15.

Ang Realidad sa Likod ng mga Perpektong Profile na Iyon

Kapag ikinukumpara natin ang ating sarili sa social media, hindi natin nauunawaan nang lubusan ang sitwasyon.

Ni Bárbara Rodríguez

Kani-kanina lang, nagkomento sa isang larawan ang isa sa mga follower ko sa Instagram, na nagsasabing, "Bakit ang ganda-ganda mo kahit may dalawa kang anak, samantalang halos hindi ko makayanang alagaan ang isa?" Natawa ako kaagad at sasagutin ko sana siya ng isang larawan ng hitsura ko sa sandaling iyon.

Sumagot ako, "Palagi kong iniisip na medyo pabaya ako sa hitsura ko kumpara sa ibang mga ina. Iyan ang epekto ng social media—mahilig tayong ikumpara ang ating sarili sa ibang tao, samantalang ikinukumpara naman ng taong iyon ang kanyang sarili sa iba. Ngunit ang totoo, hindi ako maganda ngayon, at hindi ako nangangahas na mag-upload ng larawan ng hitsura ko. Karaniwan ay nagbibihis lang ako at nagmumukhang 'disente' tuwing Biyernes at Linggo."

Ilang taon na akong nagbabahagi ng buhay namin sa social media. Kadalasan, sinisikap kong ipakita kung ano ang "totoong buhay" ng mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo. At sa paggawa nito, nagkaroon ako ng ilang karanasan na naghikayat sa akin na isipin ang magagandang katangian at mga panganib ng social media.

Hindi Ipinapakita ng Social Media ang Lahat

Hindi ito ang unang pagkakataon na may nagtanong sa akin ng ganoon. Ang totoo, napakaliit na bahagi lamang ng buhay ng mga tao ang ipinapakita ng social media. Sa sitwasyon ko, kahit sinisikap kong magpakatotoo, imposible para sa akin na ipakita ang lahat. At hindi natin dapat ikumpara ang ating sarili o ibatay ang ating kahalagahan sa isang magandang larawan. Ang mga pagkukumpara, lalo na sa social media, ay mas magpapahirap sa ating kilalanin ang mga kalakasang bigay sa atin ng Diyos.

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, ginagawa natin ang lahat para maging katulad ni Jesucristo. Ngunit ang totoo ay walang perpekto sa atin. At sa social media, dapat nating sikaping huwag gumawa ng mga maling paghatol hindi lamang tungkol sa ating sarili kundi maging tungkol sa iba. Kailangan nating tandaan na kahit iniisip natin na perpekto ang buhay ng isang tao, hindi natin nakikita ang mga personal na hamon na kinakaharap nila. Hindi natin talaga alam kung ano ang nangyayari sa buhay ng mga tao nang higit sa pinipili nilang ibahagi nang maingat na mga filtered feed.

Ang Realidad ng Larawan ng Isang Pamilya

Madalas ay napakaraming nangyayari sa likod ng mga tagpo sa bawat larawan ng pamilya na nakikita ninyo sa social media. Maaaring tingnan ng ilang tao ang mga retratong iyon at itanong sa kanilang sarili, "Bakit hindi maganda ang labas ng mga larawan ng pamilya ko?" Ngunit hindi natin alam kung ano ang kailangan para makunan ang mga "perpektong" larawang iyon.

Halimbawa, sinikap naming minsan na kunan ng larawan ang pamilya pagkatapos magsimba. Maaaring kumplikado ang may dalawang maliliit na bata, ngunit gusto ko talagang retratuhan ang mga sandaling ito at pagkatapos ay gunitain kung gaano na lumaki ang mga anak ko.

Habang sinisikap naming payapain ang mga bata para makapagparetrato, kinailangan kong kausapin sandali ang dalawang-taong-gulang kong anak na si Alvin, na umiiyak dahil gusto niyang kargahin ko siya. Yumukod ako, pinahiran ang kanyang mga luha, at pagkatapos ay pinakiusapan ko siyang tumayo para maipasikat ko ang aming mga damit (na pinagtugma-tugma ko noong umagang iyon). Nagpapakarga na rin ang tatlong-taong-gulang na anak kong si Avril sa asawa ko dahil ayaw rin niyang tumayo. Ayaw nila talagang magpakuha ng retrato.

Hindi nagtagumpay ang kuhanan ng retrato—kaya sumuko kami. Ngunit nang makauwi na ako, may nakita akong mas maganda. Nakunan ng kapatid kong lalaki (na kumukuha ng mga retrato) ang sandali na nangyayari ang lahat ng kaguluhan. Inaalliw naming mag-asawa ang aming mga anak sa retrato. Hindi talaga ipinakita roon ang aming damit, ngunit ito ay isang magiliw—at tunay—na sandali. Gustung-gusto ko iyon.

Nang ibahagi ko ang larawan sa social media, sinulatan ko iyon ng "Ang realidad ng larawan ng isang pamilya." Hindi ko naisip kailanman na napakaraming taong makakaugnay rito, ngunit dahil dito ay natanto ko na hindi kailangang magmukhang perpekto palagi ang mga bagay-bagay. Ayos lang na gawin kung ano ang madali at magpakatotoo. Ngunit itinuro rin nito sa akin ang mas malaking aral—na kapag naniniwala tayo na perpekto ang isang tao, hindi pa lang natin nakikita ang lahat ng detalye.

Huwag Hayaang Matakpan ng Social Media ang Tunay Ninyong Pagkatao

Ang mga social media network ay mabisang kasangkapan na magagamit natin sa malaking kabutihan. Ngunit kailangan nating ingatang huwag panghinaanng-loob o ikumpara ang ating sarili sa nakikita natin sa social media. Sabi nga ni Elder Gary E. Stevenson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sana, matuto tayong maging mas makatotohanan, mas masayahin, at mabawasan ang ating pagkadismaya kapag naharap tayo sa mga larawang maaaring magpakita ng tila perpektong realidad at kadalasang humahantong sa nakapanlulumong pagkukumpara."[1]

Alam ko na kapag naaalala natin ang ating likas na kabanalan bilang mga anak ng Diyos, hindi tayo magiiwan ng puwang para sa masasakit na pagkukumpara o mga personal na paghatol. At kung titigil tayo sa pakikinig sa mga pagkukumparang iyon na nagtatangkang sirain ang ating potensyal, magiging mas lubos ang ating buhay nang hindi nag-aalala tungkol sa lahat ng tila mga perpektong larawang iyon na naka-post doon. ■

Si Bárbara Rodríguez ay 25 taong gulang at ipinanganak sa Anzoátegui, Venezuela, kung saan niya nakilala ang kanyang asawa. Naninirahan sila ngayon sa Lima, Peru. Si Bárbara ay tapat sa paglikha ng nagpapasiglang content sa kanilang mga social network.

TALA

1. Gary E. Stevenson, "Espirituwal na Eklipse," *Liahona,* Nob. 2017, 46.

RETRATONG IBINIGAY NG AWTOR

MAS MARAMING PAHINA, MAS MARAMING KUWENTO,

MAS MARAMING P

Sa Enero 2021 ang simula ng isang bagong magasin —Para sa Lakas ng mga Kabataan— na idinisenyo para pagkaisahin at iugnay ang mga tinedyer sa buong mundo.

MAAARI MONG ASAHAN ANG:

- Mga nagbibigay-inspirasyong mensahe ng mga lider ng Simbahan.
- Mas maraming kuwentong isinulat ng mga kabataan.

ARA SA IYO!

- Suporta para sa pinag-aaralan mo sa seminary at *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*.
- Mga bagong poster na maididispley o maibabahagi online.
- Mga sagot sa iyong mga tanong.

Patuloy na magkaroon ng inspirasyon at kalakasan habang natututuhan mo ang ebanghelyo ni Jesucristo at basahin kung paano ito ipinamumuhay ng iba nang buong tapang.

MGA KABATAAN

SA BAHAGING ITO

52 **Isang Basbas ng Tradisyon sa Pasko**
Ni Isabel Toa

54 **Ano ang Nasa Listahan Mo?**
Nina Annelise Gardiner at Sam Lofgran

56 **Mga Tanong at mga Sagot: Mananatili ba silang kaibigan mo? Mga maningning na bato?**

58 **Siya ang Liwanag**
Ni Laura Fuchs

60 **3 Aral sa Buhay mula kay Moroni**
Nina David Dickson at Chakell Wardleigh Herbert

64 **Ang Huling Salita: Ganap kay Cristo**
Ni Elder Gerrit W. Gong

65 **Mga Tao mula sa Aklat ni Mormon: Mormon at Moroni**

Isang Basbas ng TRADISYON SA PASKO

Walang anumang espesyal sa pagdaraos ng Pasko sa isang bagong tahanan, ngunit binago ng isang basbas ng priesthood ang lahat.

Ni Isabel Toa

Ako ay 14 na taong gulang nang maranasan ko ang unang Pasko na walang niyebe. Kalilipat lang ng pamilya ko sa Texas mula sa kabundukan ng Utah, USA. Para sa akin, ang Texas ay napakapatag at napakainit. Mahirap madama ang diwa ng Pasko kapag wala akong mga kaibigan sa bago kong paaralan at lalo na kapag walang niyebe sa lupa. Pakiramdam ko ay hindi ako kabilang kahit saan, kaya madalas akong malumbay at malungkot.

Sa kabila ng aking kalungkutan, isang linggo na lang bago mag-Pasko, at umaasa ako sa mga tradisyon sa Pasko ng aming pamilya para mas pasayahin ako. Ang masasayang aktibidad na ginawa namin nang sama-sama ng pamilya ko noong mga nakaraang taon ay talagang nagpasaya sa akin. Malaking bahagi ang mga tradisyon sa pagdiriwang namin ng Pasko, kaya akala ko ay wala akong dapat alalahanin. Tinawag silang mga tradisyon dahil dito, kaya alam kong kailangan silang ipagpatuloy.

PAGPAPANATILING BUHAY NG DIWA NG PASKO

Ang mga araw bago mag-Pasko ay mabagal na umusad. Wala kaming anumang ginawa nang sama-sama bilang pamilya para magdiwang, kaya nakadama ako ng kalungkutan. Nang dumating sa wakas ang Bisperas ng Pasko, naghintay ako nang buong araw na may mangyari na isang bagay—kahit anong bagay na magpapakita sa akin na ang itinatangi naming mga tradisyon sa pamilya ay mananatili pa rin sa bago naming tahanan. Sigurado akong maaari kong pasimulan ang mahahalagang tradisyong ito, pero ayaw kong gawin iyon. Sa isang banda, naghanap ako ng palatandaan para maipakita sa akin na buhay pa ang diwa ng Pasko.

Lumipas ang maghapon at lalo akong nasiraan ng loob. Napuno ng luha ang mga mata ko nang sama-samang magtipon ang pamilya ko para magdasal. Ang buong tahanan ko ay malamig at hungkag, kahit na nakatira kami sa loob nito. Biglang binasag ng tatay ko ang katahimikan nang may isang bagay siyang itinanong.

"Mayroon bang gustong tumanggap ng basbas ng priesthood?"

Bumilis ang pintig ng puso ko. Inalala ko nang husto kung maglalagay ba kami ng mga Christmas light o hindi o di kaya'y magbe-bake ng holiday cookies kaya nalimutan ko ang isang napaka-espesyal na tradisyong ginagawa namin tuwing Bisperas ng Pasko—tumatanggap kaming lahat ng basbas ng priesthood. Ang pagtanggap ng basbas mula sa aking tatay noong nagdaang taon ay laging nagbibigay sa akin ng kapayapaan, ngunit hindi lahat sa pamilya ko ay mahilig tumanggap ng basbas. Kung minsan ay sinasabi ng mga kapatid ko at nanay ko na hindi nila kailangan ng basbas. Ayaw ko nang muling umasa dahil baka tumanggi na naman ang lahat.

Ngunit kakaiba ang pagkakataong ito. Tumayo ang nanay ko at naupo sa silya na dinala ni tatay para sa amin.

"Gusto kong magpabasbas," marahang sabi niya.

Nabigla kaming lahat, pero hindi nag-atubili ang tatay ko. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa ulo ni nanay at nagsimulang magsalita. Dama ko kung gaano kabatid ng tatay ko ang mga nadarama at personal na paghihirap ng nanay ko. Binigkas ng tatay ko ang mga salita ng kapanatagan at kapayapaan sa nanay ko sa panahong ito ng pagbabago.

Bigla akong nakadama ng pag-aalab sa dibdib ko—halos parang may isang taong nagsindi ng posporo sa loob ko. Alam kong nadarama ko ang Espiritu Santo, kahit na ang pag-aalab sa dibdib ko ay hindi ang paraan na nadama ko ang Espiritu noon. Para bang direkta akong kinakausap ng Ama sa Langit, at hindi pa nga ito ang aking basbas ng priesthood!

Nang sinabi ng aking tatay ang mahinang "amen" at binuksan ko ang mga mata kong puno ng luha, nalaman kong umiiyak ang buong pamilya ko. Narinig naming lahat ang Espiritu na nagsalita sa amin sa magiliw at mapagmahal na paraan na magiging maayos ang lahat. Nagyakap ang nanay at tatay ko, at para bang nadama kong ang makapal na ulap na nasa ibabaw ng aking ulo sa napakatagal na panahon ay hinawi ng liwanag ng araw.

Lahat kami ay tumanggap ng mga basbas, kabilang ako. Sa aking basbas

PAGLALARAWAN NI TRACY WALKER

tiniyak sa akin ng Panginoon na lagi Niya akong inaalala at gusto Niya akong maging maligaya. Nagbigay ito sa akin ng kapayapaan at sigla na hindi ko nadama simula nang lumipat ako sa Texas.

ANG KAPANGYARIHAN NG PRIESTHOOD AY TOTOO

Hindi man namin nasunod ang bawat tradisyon sa taong iyon, pero lagi naming naaalala kung ano ang pakiramdam na masaksihan ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng basbas ng priesthood ni tatay. Lagi kong maaalala kung paano nito ginawang kapayapaan at kagalakan ang nadarama kong kalungkutan. Natuto rin ako ng mahalagang aral tungkol sa kapangyarihan ng priesthood. Kapag tila may mali sa lahat ng nakapaligid sa inyo, maaaring maipaalala sa inyo ng basbas ng priesthood ang mapagbantay at mapagmahal na presensya ng Panginoon sa inyong buhay. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

ANO ANG NASA **LISTAHAN MO?**

Tumigil sa paglilista ng gusto mo, at simulang kunin ang kailangan mo.

Nina Annelise Gardiner at Sam Lofgran
Mga Magasin ng Simbahan

Ano ba talaga ang gusto mo para sa Pasko ngayong taon? Ang pinag-uusapan natin ay higit pa sa mga handog—ano ba talaga ang *kailangan* mo?

Ang pangangailangan ay isang bagay na kailangan mo para makaraos sa buhay. Sa Kapaskuhan, maaaring madaling magtuon sa pisikal lamang na mga pangangailangan natin, pero paano ang ating espirituwal na mga pangangailangan?

KINAKAILANGANG MGA HANDOG

Alam natin na may patuloy na mga pangangailangan ang ating espiritu, na natutupad ng mga handog na tulad ng pag-aaral ng banal na kasulatan at panalangin, ngunit may iba ring mga pangangailangan ang ating espiritu, depende sa ating sitwasyon. Nangalap kami ng ilang kuwento mula sa mga kabataan sa iba't ibang panig ng mundo na nakatuklas sa iba pang "mga handog" na kailangan ng kanilang espiritu. Habang nagbabasa ka, pag-isipan kung anong mga handog ang maaaring kailangan ng sarili mong espiritu.

Ang Handog na Seminary

Natuklasan ni Juan R., edad 16, taga-Chile, na ang seminary ay isang bagay na kailangan niya. "Sa seminary natututuhan ko ang katotohanan, at binibigyan ako ng Espiritu ng karunungan. Tuwing nadarama ko ang Espiritu, alam ko na nasa lugar ako kung saan nais ng Diyos na mapunta ako sa sandaling iyon. Ganito ang pakiramdam ko kapag nasa seminary ako, kaya alam kong mahalaga na naroon ako. Alam ko na noon pa man na masasagot ang aking mga tanong o pagdududa kung dadalo ako."

Ang Handog na mga Kaibigan

Natuklasan ni Rhoeta M., edad 15, taga-Idaho, USA, na kailangan niya ng mabubuting kaibigan nang siyasatin niya ang Simbahan. "Nang magsimula akong dumalo sa sacrament meeting, mga klase, at Young Women, agad akong binati ng maraming masasayang tao at mapagmalasakit na komunidad. Isinali ako sa lahat ng aktibidad, at hinikayat ako ng mga bagong kaibigan ko na sundin ang plano ng Diyos. Tinulungan nila akong magtakda at magsakatuparan ng mga espirituwal na mithiin." Pagkatapos matutuhan ang iba pa mula sa mga missionary at makipag-ugnayan sa kanyang mga kaibigan sa Simbahan, nagpasiyang magpabinyag si Rhoeta. "Labis akong nagpapasalamat na nakakita ako ng napakabubuting tao," sabi niya, "at mapalad akong magkaroon ng napakainam na paglipat sa Simbahan!"

Ang Handog na Paglilingkod

Natuklasan ni Julie S., edad 16, taga-Texas, USA, na kailangan niya ng isang calling. "Tinawag ako kamakailan bilang chorister sa aming ward, at ang ibig sabihin nito ay talagang kailangan kong makarating sa Simbahan sa oras! Palaging hirap ang pamilya kong gawin ito, at hindi lang ako nagalak nang husto sa calling na ito dahil sa mahilig ako sa musika, kundi nabawasan din ang pagmamadali ng pamilya ko tuwing Linggo at mas nakakarating kami sa oras."

Ang Handog na Ebanghelyo

Natuklasan ni Sam D., edad 19, taga-Turkey, na ang kulang sa buhay niya ay ang Simbahan. "Nabinyagan ako sa edad na 16, at pagkatapos niyon, nagsimula akong talagang mabuhay. Naging mas malinaw ang lahat. Nagkaroon ako ng layunin sa buhay."

ANONG MGA HANDOG ANG KAILANGAN MO?

Nalaman ng mga kabataang ito kung ano ang kailangan nila para lumago ang kanilang patotoo, maging mas masaya, at mas mapalapit sa Diyos. Matapos basahin ang kanilang mga karanasan, ano ang ilan sa mga pangangailangan ng iyong espiritu na napansin mo? Gumawa ng listahan para matulungan kang subaybayan ang mga ito.

PAGBIBIGAY AT PAGTANGGAP

Ngayong natukoy mo na ang mga pangangailangan ng iyong espiritu, paano mo mapupunan ang mga ito?

Magsimula sa pagtatakda ng mga mithiin para makamtan ang kailangan mo. Ang pagtatakda ng mga mithiin ay isang magandang paraan para maisagawa ang mga bagong bagay, at matutulungan ka ng programang Mga Bata at Kabataan na magsimula.

Ang iyong pamilya ay maaaring maging isa pang magandang lugar para makahanap ng tulong na mapunan ang iyong mga pangangailangan—kapwa sa iyong sariling pamilya at sa iyong ward o branch. Kahit noong panahon ni Moroni, ang pangunahing dahilan kaya may mga pulong ang Simbahan ay upang "makipag-usap sa bawat isa hinggil sa kapakanan ng kanilang mga kaluluwa" (Moroni 6:5).

At mangyari pa, nais ng Ama sa Langit na tulungan kang punan ang iyong mga espirituwal na pangangailangan at palaguin ang iyong pananampalataya sa Kanya. Kung magdarasal ka sa kanya, matutulungan ka Niyang tukuyin ang kailangan mo at ang mga mithiing maitatakda mo.

Ngayong Pasko, huwag nang hintayin pang hulaan ng iba kung ano ang nasa listahan ng iyong mga espirituwal na pangangailangan—magtakda ng mga mithiin at ibigay sa sarili mo ang mga handog na iyon na kailangan mo! Ngunit, huwag ding mag-atubiling humingi ng tulong upang makamtan ang iyong mga mithiin. At, dahil panahon ito ng pagbibigay, humanap ng mga paraan para matulungan mo ang iba na punan din ang kanilang mga espirituwal na pangangailangan.

Huwag kalimutan ang mga Rhoeta at Sam sa mundo. Maaaring hindi malaman ng mga tao sa paligid mo kung ano ang kulang sa kanila—kung ano ang kailangan nila para maging masaya at mahanap ang kanilang layunin—maliban kung ibabahagi mo ang mensahe ng ebanghelyo sa kanila. Iyan ang pinakamagandang handog na matatanggap ng sinuman para sa Pasko! ■

MGA MUNGKAHI

Kailangan mo ba ng kaibigan? Hanapin ang ibang mga taong nangangailangan ng mga kaibigan at kaibiganin sila. Tulungan ang iba pang mga kabataan sa mga klase sa inyong ward o paaralan.

Kailangan mo ba ng responsibilidad? Kausapin ang inyong bishop at humiling ng calling. Maaari ka ring maghanap ng mga paraan para makapaglingkod sa inyong komunidad.

Kailangan mo ba ng espirituwal na panganga-laga? Dumalo sa seminary. Basahin ang iyong mga banal na kasulatan. Makinig sa isang mensahe sa kumperensya.

Ang ilan sa mga kaibigan ko ay hindi mabuting impluwensya. Maaari pa rin ba kaming maging magkakaibigan?

"Magtakda ng pamantayan para sa mundo! Tanggapin ang pagiging kakaiba! Ang buklet na Para sa Lakas ng mga Kabataan *ang dapat na maging* inyong *pamantayan. Ito ang pamantayan na inaasahan ng Panginoon na paninindigan ng lahat ng Kanyang kabataan."*

Pangulong Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), 16 HopeofIsrael .ChurchofJesusChrist.org.

Magbahagi ng Mababuting Bagay

Kung sila ay mga kaibigan ko, tungkulin kong tulungan sila na maging mas mabuti, ibahagi ang ebanghelyo at lahat ng pagpapalang natanggap ko sa pamumuhay nito. Kung hindi sila nagpapakita ng interes sa mababuting bagay na iyon, maaari ko silang layuan nang paunti-unti. Kahit mahirap, kung minsan ay iyon ang pinakamagandang gawin.

Matheus T., edad 16, Minas Gerais, Brazil

Magsalita nang Walang Takot

Alam ng mga kaibigan ko na kabilang ako sa Simbahan. Pinag-usapan namin kung ano ang tama at ano ang hindi. Ngayon kapag kasama ko ang kaibigan ko, matino siya at ulirang kumilos, at nagpapasaya iyon sa akin. Itinuro nito sa akin na dapat akong magsalita nang walang takot.

Diego R., edad 16, Mexico City, Mexico

Maging Mas Mabuting Impluwensya

May mga kaibigan ako na hindi mabuting impluwensya, pero hindi iyan nangangahulugan na hindi ko sila kinakausap. Pinakikitunguhan ko sila nang may paggalang at kabaitan. Hindi ko sila hinuhusgahan o pinipintasan. Alam ko na maiimpluwensyahan ng mga kaibigan ang paraan ng ating pag-iisip at pagkilos at matutukoy pa ang ating kahihinatnan. Tuwing maaari, ibinabahagi ko ang ebanghelyo sa kanila at niyayaya ko sila sa mga aktibidad ng Simbahan.

Saireth V., edad 18, Morelos, Mexico

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o palinawin. Ang mga nakalathalang sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

Unahin ang Diyos

Huwag madismaya kung hindi tanggap ng mga kaibigan mo ang iyong mabuting halimbawa. Napakaliit ng kaibhan sa pagitan ng pagiging makasarili at pangangalaga sa sarili. Hindi mo dapat ibaba ang mga pamantayan mo o isantabi ang mga paniniwala mo para sa iba; nabubuhay tayo para kalugdan ng Ama sa Langit, hindi ng iba. Manalangin at saliksikin ang mga banal na kasulatan para mapatnubayan, makinig sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo, at higit sa lahat, huwag hayaang ilihis ka ng mga makamundong bagay mula sa makipot at makitid na landas.
Riley E., edad 15, Manila, Philippines

Tumayo sa mga Banal na Lugar

Nalaman ko mula sa aking mga lider sa Simbahan na dapat tayong tumayo sa mga banal na lugar, kahit mag-isa lang tayo. Patuloy na ipamuhay ang mga itinakda mong pamantayan sa buhay at sa iyong puso. Subukang anyayahan sila sa isang lesson o sa sacrament meeting. Maaari mong dalhin ang ilaw ng ebanghelyo saan ka man magpunta! At higit sa lahat, ipakita sa bawat isa sa kanila ang pagmamahal ng Tagapagligtas.
Allanis O., edad 18, Setúbal, Portugal

RETRATO MULA SA GETTY IMAGES; GINAMITAN NG MGA MODELO

Ano sa Palagay Mo?

Paano ako magkakaroon ng lakas ng loob na sundin ang mga espirituwal na pahiwatig?

Isumite ang iyong sagot at, kung nais mo, magsama ng isang malinaw na larawan bago sumapit ang Enero 15, 2021, sa liahona.ChurchofJesusChrist.org (i-klik ang "Submit an Article or Feedback").

Hindi ba't kakaiba para sa kapatid ni Jared na hilingin sa Panginoon na gawing maningning ang mga bato?

Una sa lahat, ang kapatid ni Jared ay nanalangin nang may pananampalataya, naniniwalang siya ay "makata[tanggap] alinsunod sa [kanyang] naisin" (Eter 3:2). Nangangahulugan ito na nagtiwala siya na "sa Diyos ay walang salitang hindi mangyayari" (Lucas 1:37). At iginalang ng Panginoon ang kanyang tapat na kahilingan.

Pangalawa, maaaring ginagaya ng kapatid ni Jared ang isang dating halimbawa: ang arka ni Noe. Sinabi ng Panginoon sa kapatid ni Jared na ang kanyang mga gabara ay hindi maaaring magkaroon ng apoy o bintana (tingnan sa Eter 2:23–24), ngunit sinasabi sa Biblia na may "bintana" ang arka ni Noe (Genesis 6:16). Gayunman, ang salitang isinalin bilang "bintana" ay maaaring hindi talaga isang bintana. Sinabi ng ilang rabbi at iba pang mga iskolar na ang "bintana" ng arka ay isang mamahaling bato na kumikinang sa loob ng arka [tingnan sa Genesis 6:16. footnote a). Marahil ay alam ng kapatid ni Jared ang kuwento tungkol sa arka ni Noe. (Kasama sa talaan ng mga Jaredita ang isang kuwentong sumasaklaw sa Paglikha hanggang sa tore ng Babel [tingnan sa Eter 1:3–4].) Kaya maaaring hindi kakaiba ang hiling ng kapatid ni Jared.

Siya ang LIWAN

Libu-libong milya mula sa aming tahanan, natuto ako ng isang aral mula sa mga kislap ng liwanag na trilyun-trilyong milya ang layo.

Ni Laura Fuchs

Maaaring kakaiba ito, pero lagi akong nasasabik sa Pasko sa misyon ko, daan-daan o maaaring libong milya pa nga ang layo mula sa karaniwang ginagawa ng pamilya at mga komersyal na sagabal. Ang Pasko ay tungkol kay Cristo, at ano pa ang mas mainam na paraan para magdiwang kaysa sa pagtulong sa iba na lumapit sa Kanya?

Isang gabi ng Disyembre, bumalik kami ng kompanyon ko sa aming apartment matapos ang isang araw ng gawaing misyonero sa La Paz, isang mahiwagang lugar sa labas ng lungsod ng Laoag, Pilipinas. Nakaupo ako sa sidecar ng isang traysikel at nakasiksik sa tabi ng kompanyon kong anim na talampakan ang taas, at gustung-gusto ko ang buhay ko. Umiihip sa amin ang malamig na hangin, na nagpapaalala sa akin (halos) ng maniyebeng Pasko sa bahay namin—pero hindi talaga iyon kasing-lamig ng nakasanayan ko kapag Disyembre.

Sa aming pagdaan sa kanayunan, natuon ang mga mata ko sa langit. Sa itaas, malayo sa liwanag at ingay ng lungsod, may libu-libong bituin na nakikita. Pero paunti nang paunti ang mga bituing nakikita namin habang papalapit kami sa gitna ng bayan, hanggang sa ang mga pinakamaliwanag na lamang ang maaaring makita.

Naisip ko ang liwanag mula sa mga bituin at si Jesucristo. Naisip ko ang bituing nagpakilala ng Kanyang pagsilang at kay Cristo mismo, ang "maningning na tala sa umaga" (Apocalipsis 22:16). Siya ang pinakamaliwanag na bituin, ang maningning na halimbawa nating lahat. Gayon pa man, gaya ng mga bituing nakita ko habang nasa traysikel at tumitingin sa langit, kahit Siya ay natatakpan ng polusyon ng liwanag. Kapag mas maraming sagabal at mas maraming artipisyal na ilaw, mas hindi natin nakikita ang natural na liwanag. Sa isang lalawigan ng Pilipinas, ang ilang mga bituin ay maaari pa ring makita kahit na mula sa gitna

PAGLALARAWAN NI GABRIELE CRACOLICI

ng bayan, pero sa malalaking lungsod tulad ng Maynila, hindi ka makakakita kahit ng isang bituin sa gabi. Ang mga ilaw mula sa mga advertisement, negosyo, at tahanan ay humaharang na lahat sa liwanag ng malalayong bituin.

Ganito rin ang nangyayari kapag pinaliliigiran natin ang ating mga sarili ng mga sagabal at artipisyal na ilaw. Nagiging mas mahirap makita ang liwanag ni Cristo.

Totoo ito lalo na tuwing Kapaskuhan. Madaling mag-iskedyul ng napakaraming aktibidad tuwing Kapaskuhan at maging kasing-abala ng Maynila kapag oras ng paglabas ng mga tao. May mga hahanaping regalo, mga ipaplanong party, mga isusulat na kard, at di-mabilang na mga pagtatanghal at kaganapang dapat daluhan. Kapag nadarama natin na wala tayong natitirang sandali para tumingin sa langit, baka hindi na natin maisip kung gaano natatakpan ang liwanag ni Cristo sa ating buhay.

Habang iniilawan natin ang ating mga tahanan at Christmas tree, hindi natin maaaring kalimutang papasukin ang liwanag ni Cristo sa ating mga puso. Maaari nating ihinto sandali ang kasiyahan para maalala kung ano ang ating ipinagdiriwang. Ang Pasko ay tungkol kay Cristo. Siya ang ilaw, at kung babawasan natin ang mga sagabal at titingin tayo sa langit, makikita natin Siya, hindi kailanman nagbabago at palaging nagniningning para makita ng buong mundo. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

3 ARAL SA BUHAY MULA KAY MORONI



Nina David Dickson at Chakell Wardleigh Herbert
Mga Magasin ng Simbahan

Mula simula hanggang wakas, ang Aklat ni Mormon ay walang-tigil sa pagbibigay ng makapangyarihang mga walang-hanggang katotohanan, mga kamangha-manghang pangako at aral, at nagbibigay-inspirasyong mga halimbawa ng pananampalataya kay Jesucristo. At ang pinakamagandang bahagi ay totoo ang lahat ng ito!

Ngunit kapag malapit na tayo sa wakas at umabot na sa mga kabanata ni Moroni, tunay na mayroon siyang pinakamabibisang katotohanan at nakapagpapabago-ng-buhay na mga aral para sa atin! Tinapos ni Moroni ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng kanyang kamangha-manghang patotoo at personal na pag-anyaya na lumapit kay Cristo at hangaring malaman ang katotohanan para sa ating sarili. Ngunit sa gitna ng mga makapangyarihang pahayag na iyon, narito ang tatlong karagdagang aral na nakapagpapabago sa buhay na matututuhan natin mula sa kanyang mga huling kabanata sa kamangha-manghang aklat na ito.

1. Tumingin nang Lampas sa Katapusan

Nagbibigay-kasiyahan ang makarating sa dulo ng isang mahirap ngunit makabuluhang proyekto: ang paglalagay ng huling piraso ng jigsaw puzzle o pagpapasa ng isang napakagandang proyekto sa paaralan.

Inakala ni Moroni na tapos na ang kanyang mga kontribusyon sa Aklat ni Mormon matapos niyang itala ang pagbagsak ng bansa ng mga Jaredita na matatagpuan sa Aklat ni Eter. Nagsimula siya sa, "Ngayon ako, si Moroni, matapos na magawa ang pagpapaikli ng ulat ng mga tao ni Jared, na inakala kong hindi na makasusulat pa, ngunit ako ay hindi pa nasasawi" (Moroni 1:1).

Ang katotohanan na buhay pa siya ay maaaring isang sorpresa na higit pa sa inaakala mo. Ito ay dahil mag-isa siyang naglalakbay at napaliligiran ng mga kaaway sa lahat ng dako.

Mayroon siyang ekstrang oras para gawin ang nais niya. At sa 10 kabanata lamang, ginamit ito nang husto ni Moroni. Ang ilan sa katotohanang isinama niya ay ang paraan ng pag-oorden ng mga guro at saserdote; mga tagubilin para sa sakramento (kabilang na ang mga panalangin); mga turo kung paano pangasiwaan ang mga miting ng Simbahan; isang makapangyarihang diskurso ng kanyang ama tungkol sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa; at ang sagradong pangakong matatagpuan sa Moroni 10:3–5 na nagtuturo sa bawat isa sa atin kung paano tumanggap ng personal na paghahayag tungkol sa katotohanan ng Aklat ni Mormon. Wow!

Sa 10 kabanatang iyon na hindi pa nga niya pinlanong isulat, idinagdag ni Moroni ang mahahalagang katotohanan para sa mga magiging mambabasa ng Aklat ni Mormon sa hinaharap.

Maaari tayong matuto mula sa kanyang halimbawa. Sa susunod na pagkakataon na magkaroon ka ng magagamit na kaunti pang oras na higit pa sa inaasahan mo, o kapag pakiramdam mo ay nagtrabaho ka na nang husto at dapat ay talagang tapos ka na, sulit bang magdasal at mag-isip kung mayroon ka pa sigurong kaunting bagay na maitutulong?

Sa wakas, pinagpala ang buong mundo dahil ginawa ito ni Moroni.

2 Alalahanin ang Batong Kahon

Kung nagpasiya kang palaguin ang iyong paboritong punong namumunga sa iyong bakuran, kailangan mong magkaroon ng higit pa sa kaunting pagtitiis. Kahit na ito ay ang tamang panahon ng taon at mainam ang mga kalagayan para sa paglago, malamang na ilang taon pa ang aabutin bago ka makapitas ng unang piraso ng prutas mula sa iyong mga pagsisikap.

Pero magagawa naman ito, 'di ba? Kunsabagay, dumarating ang mabubuting bagay sa mga naghihintay. At kahit na ikaw ay nagtatanim ng iba pang uri ng puno na hindi mamumunga pagkalipas ng maraming dekada (tulad ng isang puno ng olibo), kahit paano ay magkakaroon ka ng kasiyahan na malaman na ang iyong mga anak at apo ay makikinabang.

Gayunman, hindi maikukumpara ang mga ginagawa natin sa ginawa ni Moroni. Ang buong buhay na ginawa ng kanyang ama, na naging gawain ni Moroni matapos mamatay ang kanyang ama, ay hindi kaagad mamumunga. Hindi sa loob ng 10 taon. Hindi sa loob ng isang libong taon. Isinulat ni Mormon, "Ang mga bagay na ito ay isinulat para sa mga labi ng sambahayan ni Jacob . . . at ikukubli ang mga ito ayon sa Panginoon upang lumabas ang mga ito *sa kanyang sariling takdang panahon*" (Mormon 5:12; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Hindi alam ni Moroni ang eksaktong panahon ng pamumunga ng gawaing ito, ngunit marahil ay may malinaw na ideya na siya na matatagalan pa ito. Nakakita siya ng pangitain tungkol sa ating panahon at nagpropesiya tungkol sa ilang kalagayang iiral (tingnan sa Mormon 8:35).

Ito lamang ang alam natin: hindi ito ginawa ni Moroni para sa kabutihan ng sinuman sa kanyang pamilya o mga kaibigan o kahit sa mga kakilala niya. Sa ilan sa mga makadurog-pusong salita na naisulat, sinabi ni Moroni: "Ako ay nag-iisa. Ang aking ama ay napatay sa digmaan, at lahat ng aking kamag-anak, at wala akong kaibigan ni patutunguhan, at kung gaano katagal ako pahihintulutang mabuhay ng Panginoon ay hindi ko alam" (Mormon 8:5).

Nawala sa kanya ang *lahat* ng kanyang kapamilya. *Lahat* ng kanyang kaibigan. Ang *buong* sibilisasyon niya! At nang matapos niya ang kanyang talaan, gumawa siya ng isang kahong bato na pagtataguan ng sagradong talaang hindi masisilayan ng sikat ng araw sa loob ng maraming daang taon.

Ang pamumuhay nang matwid ay lumilikha ng mga positibong pagbabago sa mundo. Kung minsan ang mga pagbabagong iyon ay inaabot ng mga henerasyon bago magkaroon ng lubos na epekto. Ngunit itinuturo sa atin ni Moroni na maaari tayong magtiwala palagi sa takdang panahon ng Diyos. Kailangan lamang nating gawin ang ating bahagi.

3. Panatilihin ang Walang-Hanggang Pananaw

Maging totoo tayo: dumarating ang mga pagsubok, ang buhay ay hindi makatarungan, at kung minsan, lahat ng bagay ay sadyang masakit. Mahirap ang buhay lalo na kapag inaakala nating nalampasan na natin ang isang pagsubok, at pagkatapos ay bumuhos ang iba pang mga hamon na muling magpapabagsak sa atin.

Kung tayo man ay nababalisa o may-roong depresyon, nawalan ng mahal sa buhay, o may iba pang hamon, kung minsan ay tila nakakatakot panghawakan ang pananampalataya at pag-asa. Sa mahihirap na sandaling ito ay madaling isipin ang ganito, "Paano naging posible na may mas mahirap pa sa mga nangyayari ngayon?"

Para kay Moroni, iyan ay isang tunay na pahayag. Marahil ay wala nang magiging mas mahirap pa para sa kanya sa huling sandali ng kanyang buhay. Sa panahon ng paghihirap, kung kailan tila walang dahilan para magpatuloy o panghawakan ang pag-asa, maaari nating tingnan ang kanyang halimbawa ng di-natitinag na pananampalataya sa harap ng labis na sama-ng-loob.

Tinatawag ng ilan na trahedya ang buhay ni Moroni. Kahit na siya ay tapat, nawala sa kanya ang *lahat* ng mga mahal niya. Siya ang kahuli-hulihang nakaligtas sa buong sibilisasyon niya. Kailangan niyang tapusin ang talaan ng kanyang ama dahil napatay si Mormon bago siya nagkaroon ng pagkakataong tapusin ito. At si Moroni ay tinutugis ng mga Lamanita at tumatakbo para iligtas ang kanyang buhay nang isulat niya ang kanyang aklat sa banal na kasulatan.

Naiisip mo ba kung gaano nakapanginginilabot at walang kapag-a-pag-asa ang sitwasyong iyon? Kung naranasan ng ibang tao ang mga pagsubok ni Moroni, maaaring sila ay natuksong kalimutan ang kanilang pananampalataya, itatwa si Cristo, at sisihin ang Ama sa Langit para sa kanilang napakahirap na kalagayan. Ngunit hindi iyon ginawa ni Moroni.

Sa halip, patuloy na kumapit si Moroni hanggang sa wakas (tingnan sa Moroni 1:3). Pinanatili niya ang kanyang walang-hanggang pananaw para matulungan siyang malampasan ang kanyang mga hamon. Alam niya kung ano ang totoo at alam niya na kahit ano ang mangyari sa kanya, basta't sumampalataya siya sa Tagapagligtas at magtiwala sa Ama sa Langit, ang lahat ng pagpapalang ipinangako sa kanya ay matutupad balang-araw, at maliligtas siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesucristo at ng mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala (tingnan sa Moroni 10).

Ngayon, *iyon* ay isang malakas na patotoo.

Kapag tila wala nang mas lalala pa sa ating sitwasyon, maaari tayong mapanatag ng pagpapanatili ng walang-hanggang pananaw at pagpapalakas ng ating pananampalataya na tulad ng kay Moroni. Kung gagawin natin ito, pinangakuan tayo na ating "magagawa ang lahat ng bagay na kapaki-pakinabang [kay Cristo]" (Moroni 10:23). Malalaman natin na kasama natin ang Ama sa Langit. Maaari tayong magtiwala na ang Kanyang plano ng kaligayahan ay maghahanda ng paraan para madaig natin ang bawat trahedya na makakaharap natin sa mortalidad. At maaari nating palibutan ang ating sarili ng liwanag, kagalakan, at mga pagpapala ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

Taglay ang walang-hanggang pananaw, *palagi* tayong may dahilan para umasa. At maaari tayong magtiwala na tayong lahat balang-araw ay magsasabi ng, "Paano naging posible na may mas maganda pa sa ating sitwasyon?" ■

Ganap Kay Cristo

Ni Elder Gerrit W. Gong
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang espirituwal na liwanag at buhay ay dumarating kapag ang paggawa sa mga gawaing pangrelihiyon ay naglalapit sa atin sa Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Sa araw-araw na pagsunod, nakakahanap tayo ng mga sagot, pananampalataya, at lakas na harapin ang mga hamon at pagkakataon sa araw-araw nang may tiyaga, pananaw, at kagalakan ng ebanghelyo.

Habang naghahanap tayo ng bago at mas banal na mga paraan na mahalin ang Diyos at matulungan tayo at ang iba na maghanda na makita Siya, naaalala natin na ang pagiging ganap ay na kay Cristo, wala sa ating sarili o sa pananaw ng mundo tungkol sa pagiging perpekto.

Ang mga paanyaya ng Diyos ay puno ng pagmamahal at posibilidad dahil si Jesucristo "ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay" (Juan 14:6). Sa mga nangabibigatan, ang paanyaya Niya ay, "Lumapit kayo sa akin," at sa mga lumalapit sa Kanya, nangangako Siya na, "kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan" (Mateo 11:28). "Lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, . . . ibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang kanyang biyaya ay sapat sa inyo, upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo" (Moroni 10:32).

Sa katiyakang ito na "sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay [magiging] ganap kay Cristo" ay naroon din ang kapanatagan, kapayapaan, at pangako na makasusulong tayo nang may pananampalataya at tiwala sa Panginoon kahit na ang mga bagay ay hindi nangyayari tulad ng ating inaasahan, o marahil nararapat sa atin, bagama't hindi natin kasalanan, kahit ginawa natin ang lahat ng ating makakaya.

Sa iba't ibang panahon at paraan, nakadarama tayong lahat ng kakulangan, kawalan ng katiyakan, at marahil ng hindi pagiging karapat-dapat. Gayunman sa ating matapat na pagsisikap na mahalin ang Diyos at mag-minister sa ating kapwa, maaari nating madama ang pagmamahal ng Diyos at ang inspirasyong kailangan para sa kanila at sa ating buhay sa bago at mas banal na mga paraan.

May habag, naghihikayat at nangangako ang Tagapagligtas na maaari tayong "magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao" (2 Nephi 31:20). Ang doktrina ni Cristo, ang Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas, at ang pagtahak nang ating buong kaluluwa sa Kanyang landas ng tipan ay makatutulong para malaman natin ang Kanyang mga katotohanan at magpapalaya sa atin (tingnan sa Juan 8:32).

Pinatototohanan ko na ang Kanyang landas ng tipan ay humahantong sa pinakadakilang handog na pangako ng ating mapagmahal na Ama sa Langit: "Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:20). ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2018.

MGA TAO MULA SA AKLAT NI MORMON

Mormon at Moroni

Pinaikli at tinipon ni Mormon ang karamihan sa Aklat ni Mormon (tingnan sa Mga Salita ni Mormon 1:3–5).

Naging **pinuno ng mga hukbong Nephita** noong siya ay 15 taon lamang (tingnan sa Mormon 2:1).

Ama ni Moroni (tingnan sa Mormon 8:13) at disipulo ni Cristo (tingnan sa 3 Nephi 5:13).





Lumaban si Moroni sa panig ng **hukbo ng mga Nephita** na kasama ni Mormon (tingnan sa Mormon 6:11–12)

Tinapos ang pagtitipon ng mga lamina at **ibinaon ang mga ito sa Burol ng Cumorah** (tingnan sa Mormon 8:3–5, 14).

Dumalaw kay Joseph Smith bilang isang nabuhay na mag-uling nilalang (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:33).

SINING NA GINUPIT NA MGA PAPEL NI GAIL ARMSTRONG; MGA DROWING NA LINYA NI KATY DOCKRILL

Tatlong bagong magasin ng Simbahan sa susunod na taon! Pumunta sa pahina 6 para malaman ang tungkol sa kapana-panabik at mahahalagang pagbabago.

MGA YOUNG ADULT

GAWING POSITIBO ANG SOCIAL MEDIA

42

MGA KABATAAN

MGA ARAL SA BUHAY MULA KAY MORONI

60

MGA MAGULANG

7 SIMPLENG IDEYA PARA SA MGA AKTIBIDAD SA PASKO

K15

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

4 021672 27893 1
TAGALOG

Disyembre 2020

Kaibigan



Ang Pasko ay tungkol kay **JESUS**

Ang bahaging para sa mga bata ng *Liahona,* na inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Mga Handog ng Pagmamahal kay Jesus

Ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak na si Jesucristo. At ibinigay ni Jesus ang Kanyang buhay para sa atin para muli natin Siyang makapiling. Ito ang pinakadakila sa lahat ng handog. Malayang ibinigay sa atin ni Jesus ang handog na ito.

Baka sakaling nais mong regaluhan si Jesus. Anong mga handog ang maibibigay mo sa Kanya?

At may isang bagay pa ring maibibigay mo sa Kanya. Sa buong paligid mo, may mga taong mahal Niya na matutulungan mo.

Dalangin ko na malaya tayong magbigay, tulad ng ginawa ni Jesus. ●

Hango sa "Gifts of Love," Brigham Young University devotional, Dis. 1980.

MGA PAGLALARAWAN NI EMMA GILLETTE

Snowflake ng Paglilingkod

Maaari nating regaluhan si Jesus sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba. Gumawa ng isang snowflake ng paglilingkod para ipaalala sa iyo kung sino ang mapaglilingkuran mo.

1. **Gupitin ang bilog.**
2. **Itupi sa gitna ang bilog sa isa sa mga linya. Pagkatapos ay itupi itong muli sa gitna, at pagkatapos ay ituping muli.**
3. **Gupitin sa tulduk-tuldok na mga linya sa krokis ng tao. Huwag putulin ang mga gilid ng mga paa at kamay.**
4. **Iladlad ang papel at isulat sa bawat krokis ng tao ang pangalan ng isang taong mapaglilingkuran mo.**



PAGLALARAWAN NG SNOWFLAKE NI THOMAS CHILD

Ang Tamang-tamang Christmas Tree

Ni Sydney Squires
Mga Magasin ng Simbahan
(Batay sa tunay na buhay)

"Jesus, hamak nang isilang, ngayo'y may kal'walhatian" (Mga Himno, *blg. 118*).

"Mama, tingnan mo ang isang ito!" Itinuro ni Joshua ang Christmas tree. Mataas iyon at manipis, na may tamang-tamang mga berdeng tusuk-tusok na dahon.

Tumigil si Mama at tiningnan ang presyo. Umiling siya. "Hindi siguro."

Bumuntong-hininga si Joshua at patuloy na naglakad. Puno ng mga tindahan ng pagkain at Christmas tree ang palengke. Siksikan ang mga pamilyang bumibili ng mga Christmas tree at sangkap para sa lulutuing masasarap na pagkain, tulad ng *bûche de Noël* (panghimagas na Yule log o cake). Isinama ni Mama si Joshua para bumili ng ilang pagkain, pero hindi maalis ang tingin niya sa mga Christmas tree. Ang ilan sa mga Christmas tree ay matataas at manipis. Ang iba ay mababa at bilugan. May nakita pa si Joshua na kasintaas lang niya!

Sabi ni Mama kakaunti ang pera nila ngayong taon. Malamang hindi sila makabili ng Christmas tree. Medyo nalungkot si Joshua. Tuwing pupunta siya sa palengke kasama si Mama, palagi siyang naghahanap ng

tamang-tamang Christmas tree. Baka sakali, baka sakali lang naman, makakita sila ng maiuuwing Christmas tree.

Hawak ni Joshua ang kamay ni Mama nang maglakad sila papunta sa kasunod na hanay ng mga Christmas tree. Napanganga si Joshua. Hayun—ang tamang-tamang Christmas Tree!

Patakbo siyang nagpauna at hinipo ang Christmas tree. Hindi ito gaanong berde. May nawawalang mga pangkapit na tusuk-tusok na dahon. Hindi iyon kataasan. Sa katunayan, baluktot iyong masyado, na parang matandang nakatungkod.

"Mama, tamang-tama!" sabi ni Joshua. "Puwede po ba nating iuwi ito? Sige na po."

Sinulyapan ni Mama ang presyo. "Naku, napakamura. At palagay ko kasya 'yan sa kotse."

Hindi na makapaghintay si Joshua. Patuloy niyang nilaro ang manggas ng kanyang amerikana habang hinihintay niyang mabayaran ni Mama ang Christmas tree. Pagkatapos ay tinulungan sila ng isang mabait na lalaki na ilagay sa kotse ang Christmas tree. Nang makauwi na sila, tumulong ang kanyang kinakapatid na si Matthieu at si Papa na kunin ang Christmas tree sa kotse. Ipinasok nila ang Christmas tree sa bahay at inilagay iyon sa sulok ng sala nila.

"Una, kailangan natin ng mga ilaw," sabi ni Matthieu.

Mahirap itong sabitan ng mga ilaw dahil lubhang baluktot ang Christmas tree. Inilagay ni Matthieu ang mga ilaw sa bandang itaas. Inilagay ni Joshua ang mga ito sa bandang ibaba. Pagkatapos ay isinabit nila ang mga palamuti. Sa huli tinulungan ni Papa si Joshua na ilagay ang bituin sa tuktok.

Isinaksak ni Papa ang mga ilaw at inakbayan si Mama. Nginitian ni Joshua ang Christmas tree. Dahil sa mga ilaw sa Christmas tree, sumaya at umaliwalas ang buong sala. Naupo siya sa ilalim ng Christmas tree at tumingala sa makukulay na palamuti. Hindi na mukhang baluktot at malungkot ang Christmas tree ngayon. Maganda iyon. Tamang-tama iyon.

"Ito ang tamang-tamang puno ni Jesus," sabi ni Joshua.

"Ano ang ibig mong sabihin?" tanong ni Mama.

"Ang Christmas tree ay katulad ni Jesus," sabi ni Joshua. "Isinilang si Jesus sa isang mahirap at maruming sabsaban. Ang Christmas tree natin ay mahirap at malungkot sa palengke. Pero ngayon ay maganda at maringal na ang Christmas tree, tulad ng kung paano naging isang kaibig-ibig na hari si Jesus."

"Ang tamang-tama nating puno ni Jesus," sabi ni Papa. "Gusto ko 'yan."

Ngumiti si Joshua. Magiging napaka-espesyal ng Paskong ito. ●

Ang kuwentong ito ay naganap sa France. Pumunta sa pahina K8 para malaman ang iba pa tungkol sa bansang iyon.

MGA PAGLALARAWAN NI MARK JARMAN

Hello mula sa France!

Halos 40,000 ang mga miyembro ng Simbahan sa France! Natapos ang templo sa Paris, France, noong Mayo 2017.



Ito ang Aklat ni Mormon sa wikang French.

Ang France ay bantog sa mga tinapay at keso nito. Maraming tao ang bumibili ng mga bagong lutong baguette mula sa mga *boulangerie* (mga panaderya) araw-araw.

Sa katimugang France, naghahanda ang mga tao para sa Pasko sa pamamagitan ng paggawa ng "crèche," o belen. Ang tagpo ay puno ng mga taong naghihintay na maisilang si Jesucristo. Pagsapit ng Bisperas ng Pasko, inilalagay nila ang estatwa ng sanggol na si Jesus sa crèche!

Ang Louvre, sa Paris, ang pinakamalaking art museum sa mundo! Mayroon itong mahigit 380,000 piraso ng sining.

Gustung-gustong laruin ng mga batang French ang larong tinatawag na "escargot." Tatalon ka nang paikot hanggang sa makaabot ka sa dulo!

Kilalanin ang ilan sa aming mga kaibigan mula sa France!

Gustung-gusto ko ang lahat tungkol sa Primary—ang mga kanta, guro, aktibidad, at ang mga bagay na natututuhan ko tungkol kay Jesucristo. Gusto ko lalo kapag binabati namin ng maligayang kaarawan ang mga bata. Inaasam ko ang Primary linggu-linggo.

Julien B., edad 10, Haute-Garonne, France

Ang paborito kong kuwento sa Aklat ni Mormon ay tungkol sa pagpapatawad at pagmamahal ni Nephi sa kanyang mga kapatid. Salamat sa halimbawa ni Nephi, ang bahaging ito ng mga banal na kasulatan ay talagang tumutulong sa akin na mas madaling humingi ng tawad sa aking mga kapatid kapag nagtatalo kami at magpatawad din.

Evelyne N., edad 6, Île-de-France, France

Salamat sa pagsama sa amin sa paglilibot sa France!

Taga-France ka ba? Sulatan kami! Nais naming makarinig mula sa iyo.

MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE

Isang Sorpresa sa Pasko

Ni Jane McBride
(Batay sa tunay na buhay)

*"Maligayang Pasko sa inyo! . . . Magmahalan sana kayo" (*Children's Songbook, *51).*

Nalungkot si Anna habang papasok siya sa silid at nakita ang Christmas tree. Sumabog ang water heater sa bahay nila, at nabasa ng tubig ang buong sahig. Sinisikap pa ring lampasuhin ni Itay ang basa. Basang-basa ang ilang regalo sa ilalim ng Christmas tree.

Kumuha ng ilang tuwalya si Anna at ang kanyang mga nakababatang kapatid na lalaki at sinubukang patuyuin ang mga regalo. Pero hindi talaga iyon umubra. Basang-basa ang mga iyon.

Naghihirap ang pamilya ni Anna. Walang trabaho ang tatay niya ngayon. Malapit nang manganak ang nanay niya, at madalas na maysakit. At ngayon ay wala silang anumang regalo para sa Pasko.

Nang gabing iyon habang naghahandang matulog si Anna, narinig niyang nag-uusap sina Inay at Itay sa kusina.

"Ano'ng gagawin natin?" tanong ni Inay. Parang umiiyak siya. "Wala tayong sapat

na perang pambayad sa bahay, at ngayon ay ni wala tayong regalo sa mga bata.” Takot at balisang-balisa si Anna.

“Mag-isip tayo ng paraan,” sabi ni Itay.

Pumasok si Anna sa kusina. Inabot siya ni Inay at niyakap nang mahigpit. Habang nakayakap sa tiyan ni Inay, naramdaman ni Anna na gumalaw ang sanggol. Napangiti siya. “May darating tayong bagong sanggol. Palagi mong sinasabi na himala ang isang sanggol.”

Gumanti ng ngiti si Inay. “Tama iyan. Marami tayong dapat ipagpasalamat.”

“Magkasama pa tayo,” sabi ni Itay. Hinagkan nito ang tuktok ng ulo ni Anna. “Magiging maayos ang lahat.”

Papunta sa kanyang silid, narinig ni Anna na umiiyak ang kanyang mga kapatid. Naupo siya sa kama ni David.

“Napakalungkot ng lahat,” mahinang sabi ni David.

“At wala tayong anumang regalo,” sabi ni Robbie, na sumisinghot.

“Magiging maayos ang lahat,” muling sabi ni Anna. “Makikita mo.”

Bago siya natulog, lumuhod si Anna at nagtanong sa Ama sa Langit kung ano ang magagawa niya para sa kanyang pamilya. Wala siyang perang pambili ng mga regalo, pero maganda at panatag pa rin ang nadama niya sa kanyang puso.

Kinaumagahan, namalagi siya sa kama na nag-iisip nang ilang minuto bago naghandang pumasok sa eskuwela. Pagkatapos ay may naisip siya! Nang hapong iyon nagmadali siyang umuwi at ginawa ang kanyang mga gawaing-bahay at homework. Pagkatapos ay nakakita siya ng ilang papel at pisi at ilang marker at sticker na natanggap niya noong kaarawan niya. Dinala niya ang mga iyon sa kanyang silid at isinara ang pinto.

Muntik nang matawa si Anna nang maisip niya kung gaano magugulat ang kanyang pamilya. Una ay itinupi niya ang papel at itinali ito ng pisi para gumawa ng apat na buklet. Pumili siya ng isang sticker na bituin para ilagay sa buklet para kay Inay at ng isang planeta para sa buklet ni Itay. Nilagyan niya ng isang aso ang buklet para kay David at ng isang rocket ang para kay Robbie.

Pagkatapos ay nagsimulang magdrowing si Anna. Para kay Inay nagdrowing siya ng larawan ng kanyang sarili na nagwawalis ng sahig. Nagdrowing siya ng

isang larawan ng kanyang sarili na nagluluto ng hapunan kasama si Itay, isa na naglalaro sila ni David ng football, at isa na binabasahan niya ng aklat si Robbie. Ilang araw ang ginugol niya para punan ng mga larawan ang bawat buklet.

Sa wakas ay Bisperas na ng Pasko, at maingat na inilagay ni Anna ang kanyang mga buklet sa ilalim ng Christmas tree.

Kinaumagahan, binigyan niya ng isang buklet ang bawat isa sa kanyang pamilya.

“Gusto ko ang mga larawang ito,” sabi ni David. “Mahilig akong maglaro ng football.”

“Hindi lang ’yan mga larawan,” sabi ni Anna na may kislap sa mga mata. “Mga kupon ’yan! Ipinapakita ng mga larawan ang mga bagay na gagawin ko para sa inyo.”

“Ito ang pinakamagandang regalong maibibigay mo sa amin,” sabi ni Inay habang nakatingin siya sa kanyang buklet. Nagpasalamat si Anna na tinulungan siya ng Ama sa Langit na mag-isip na gumawa ng mga Pamaskong kupon. Darating ang isang bagong sanggol, at sa tulong ng Ama sa Langit, talagang magiging maayos ang lahat. ●

Ang awtor ay naninirahan sa Colorado, USA.



MGA PAGLALARAWAN NI CHRIS DANGER

Isang Kaloob na Pagkakaibigan

Ni Lucy Stevenson
Mga Magasin ng Simbahan
(Batay sa tunay na buhay)

Naganap ang kuwentong ito sa England noong katatapos lamang ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Kinakabahan si Hermann Mössner nang naglakad siya papasok sa kapilya. Siya at ang kanyang mga kaibigan mula sa kampo ay nakasuot pa rin ng kanilang mga unipormeng may markang mga titik na "P.O.W." Alam ng lahat na ang ibig sabihin ng mga titik na iyon ay "bilanggo ng digmaan." Ano ang iisipin ng mga miyembro ng branch? Ituturing ba nila siyang kaaway nila?

Malapit ang kapilya sa Leeds, England. Pero hindi mula sa England si Hermann. Siya ay mula sa Germany. Matapos piliting lumaban sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nahuli si Hermann ng mga sundalong British at dinala sa isang bilangguang kampo ng mga taga-England. Ito ang unang pagkakataon niya sa Simbahan sa loob ng matagal na panahon.

Huminga nang malalim si Hermann habang paupo siya sa isa sa mga bangko. Nakikita niya ang branch president na si George Camm na nakaupo sa harapan. Si Pangulong Camm ay kaibigan ni Hermann. Gumanda ang pakiramdam ni Hermann nang makita niyang ngumiti si Pangulong Camm.

Ilang buwan na ang nakalipas, binisita ni Pangulong Camm si Hermann sa kampo matapos malaman na siya lang ang miyembro ng Simbahan doon. Noong una ay medyo nag-alala si Hermann. Kamumuhian ba siya ni Pangulong Camm? Kunsabagay, naglaban ang kanilang mga bansa sa digmaan.

Pero nang magkita sina Hermann at Pangulong Camm, ngumiti at nagkamayan sila sa isa't isa. Pagkatapos ay magkasama silang nanalangin. Kumanta sila ng mga awitin at nag-usap tungkol sa ebanghelyo.



Magkasama rin nilang tinanggap ang sakramento.

"Mahal kita, kapatid," sabi ni Hermann nang paalis na si Pangulong Camm. Nakita niya ang mga luha sa mga mata ni Pangulong Camm nang kumaway siya at nagpaalam.

Pagkatapos nito, binisita ni Pangulong Camm si Hermann tuwing Sabado. Sa buong linggo, ginawa ni Hermann ang lahat para ipamuhay ang ebanghelyo. Ibinahagi niya ang kanyang patotoo sa iba pang mga bihag habang nagtatrabaho sila sa bukid. Sinagot niya ang kanilang mga tanong habang umuukit sila ng kahoy matapos ang isang mahabang araw sa trabaho. Kung minsan ay nagdarasal siyang kasama nila.

"Uy, Hermann," sabi ng isa sa mga bilanggo isang gabi. "Puwede ba akong sumama sa inyo ni G. Camm sa Sabado?"

Tumingala si Hermann mula sa bloke ng kahoy na inuukit niya. Ngumiti siya. "Siyempre naman!"

"Puwede rin ba ako?" tanong ng isa pang bilanggo.

Sina Hermann at Pangulong Camm ay sabik na sabik na magturo sa iba pang mga bilanggo. Hindi naglaon ay ninais pa ng ilan sa kanila na magpabinyag!

At ngayon, nang tumingin si Hermann sa paligid ng kapilya sa mga pamilyang naghihintay na magsimula ang simba, nakadama siya ng kapayapaan. Kinabahan ang ilang miyembro kay Hermann noong una. Ngunit hindi nagtagal ay nagtiwala ang lahat sa kanya. Ang iba pang mga bilanggo na gusto pang matuto tungkol sa ebanghelyo ay nakakuha ng pahintulot na lisanin ang kampo para magsimba tuwing araw ng Linggo. Kalaunan, si Hermann ay tinawag pa ngang maging branch Sunday School president.

Lumipas ang panahon, at papalapit na ang Pasko. Gustong gumawa ni Hermann ng isang bagay para pasalamatan ang mga miyembrong naging mabait sa kanya. Pagkatapos ay may naisip siya! Halos branch Christmas party na. Nagtipon si Hermann ng mas maraming bloke ng kahoy at nagsimulang umukit. Ang mga bloke ay isa-isa niyang ginawang maliliit na kotse, mga elepante, eroplano, tren, at kabayo.

Sa wakas ay dumating na ang araw ng party. Ang lahat ay kumain at sama-samang kumanta ng mga awiting Pamasko. Si Hermann at ang kanyang mga kaibigan mula sa kampo ay kumanta ng mga awiting Pamasko sa wikang German.

Pagkatapos ay inilabas ni Hermann ang isang malaking supot. Sa loob nito ay mayroong 40 kahoy na mga laruan! Binigyan ni Herman ang bawat batang Primary ng isang laruan. Ito ay isang Pasko na hindi nila malilimutan. ●

Pagkaraan ng tatlong taon sa kampo, bumalik si Hermann sa kanyang pamilya sa Germany. Makalipas ang ilang taon, binisita ni Hermann ang kapilya ring iyon na dinaluhan niya bilang isang bilanggo ng digmaan. Sinabi sa kanya ng ilan sa lumaki roon na nasa kanila pa rin ang mga laruan na inukit niya para sa kanila noong sila ay mga bata pa!



MGA PAGLALARAWAN NI MELISSA MANWILL

Pagta-tanghal ng Sining

tungkol sa Aklat ni Mormon!

1.

2.

3.

4.

5.

PAGLALARAWAN NG MGA BATA AT KUWADRO NA GAWA NI GARY LACOSTE

6.

7.

Salamat sa pagbabahagi mo ng iyong sining tungkol sa Aklat ni Mormon sa buong taon!

8.

11.

14.

15.

12.

16.

9.

10.

13.

1. Felipe L., edad 8, São Paulo, Brazil
2. Chloe D., edad 8, Queensland, Australia
3. Fernanda A., edad 10, Chihuahua, Mexico
4. Slade A., edad 9, Idaho, USA
5. Lizzie P., edad 8, Pennsylvania, USA
6. Charlotte B., edad 7, Tennessee, USA
7. Emma S., edad 8, Anzoátegui, Venezuela
8. Jacob A., edad 10, Alberta, Canada
9. Lauren S., edad 9, Washington, USA
10. Anahí F., edad 8, Canelones, Uruguay
11. Martin S., edad 5, Jujuy, Argentina
12. Will B., edad 8, Utah, USA
13. Johannes H., edad 10, Florida, USA
14. Andie S., edad 7, Nevada, USA
15. Inãs S., edad 9, Viseu, Portugal
16. Kayla S., edad 9, California, USA

Ni Elder W. Mark Bassett
Ng Pitumpu

Pagdarasal para kay Max

Noong anim na taong gulang ako, gustong makahanap ang isang matandang mag-asawa sa aming ward ng magandang pamilya para sa aso nilang si Max. Alam nila na mamahalin ng aming pamilya si Max. Kaya inampon namin siya!

Makalipas ang ilang linggo, dumating sa bahay ang ilan sa mga kaibigan namin para mamalagi nang ilang araw. Napuno ang bahay namin ng masasayang batang nagtatakbuhan sa buong paligid.

Pero sanay si Max sa isang maganda at tahimik na pamilya. Ninerbiyos siya nang husto nang mapuno ng maiingay na bata ang bahay. Isang araw habang naglalaro at nagtatawanan kami, bigla naming napagtanto na nawawala si Max!

Hinanap namin sa buong paligid si Max. Mangiyak-ngiyak na ako nang ilibot kami ng nanay ko sa buong komunidad. Nagpunta pa kami sa mga unang nagmay-ari kay Max. Pero hindi namin siya nakita.

Pagdating namin sa bahay, may nagsabing, "Ipagdasal natin si Max!" Lumuhod kami nang pabilog at umusal ng simpleng panalangin. Humiling kami sa Ama sa Langit ng mga ideya kung saan hahanapin si Max.

Pagkasabi namin ng "amen," may kumahol mula sa aparador! Si Max!

Kilala ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin at mahal tayo. Maaaring hindi palaging dumarating kaagad ang mga sagot sa ating mga panalangin. At maaaring hindi palaging sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin sa mismong paraang gusto natin. Pero ganyan lumalago ang ating pananampalataya at pagtitiyaga.

Kung may mga problema kayo o nais ninyong magsalita, palagi kayong pakikinggan ng Ama sa Langit! ●



MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

Maging Ilaw ng Sanglibutan

Si Jesus ay nagbigay ng liwanag at pagmamahal sa buong mundo. Narito ang ilang aktibidad para tulungan kayong makaramdam at ibahagi ang Kanyang liwanag. Kulayan ang mga lugar na may bilang matapos ninyong gawin ang bawat aktibidad.

1. Basahin ang Lucas 1:26–31 at kantahin ang "Awit ni Maria" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 28).

2. Gumawa ng Christmas card para sa isang tao at kantahin ang "Doon sa Sabsaban" (*Mga Himno,* blg. 123).

3. Basahin ang Lucas 2:4–7 at kantahin ang "Nang si Jose ay Magtungo sa Bethlehem" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 22).

4. Gumawa ng mabuting bagay para sa isang tao at kantahin ang "Isinugo, Kanyang Anak" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 20).

5. Basahin ang Lucas 2:8–18 at kantahin ang "Dinggin! Awit ng Anghel" (*Mga Himno,* blg. 128).

6. Basahin ang Mateo 2:1–11 at kantahin ang isang awit o himno sa Pasko.

7. Pag-usapan kung ano ang nararamdaman ninyo tungkol sa pagsilang ni Jesucristo at kantahin ang "Kay Tahimik ng Paligid" (*Mga Himno,* blg. 125).

PAGLALARAWAN NI BETANIA STANCLIFFE

Belen ng Isang Kapitbahay

Ni Lorraine Starks
(Batay sa tunay na buhay)

"Sapagkat sa atin ay isinilang ang isang bata" (2 Nephi 19:6).

Patalon-talon si Rose nang sumilip siya sa bintana. Darating na ang kanilang mga kaibigan dito anumang oras!

Tuwing Kapaskuhan, isinasadula ng pamilya ni Rose ang Kapanganakan [ni Jesus]. Palagi silang nag-aanyaya ng mga tao na pumunta at makibahagi. Sa pagkakataong ito ay inanyayahan nila ang kanilang mga kapitbahay at ang mga missionary! Sabik na sabik si Rose dahil may sanggol ang kanilang mga kapitbahay na magiging sanggol na Jesus.

Halos handa na ang lahat. Kinuha ni Nanay ang mga pangmeryenda sa oven. Iniligpit na ng mga nakababatang kapatid na lalaki ni Rose ang lahat ng kanilang laruan. Kinuha ni Ellen ang mga costume. At naidikit na nga ni Rose ang isang malaki at dilaw na bituin sa dingding bilang palamuti.

"Rose," sigaw ni Nanay mula sa kusina. "Maaari mo ba akong tulungang ihanda ang mga costume?"



"OK po, Nay!" Lumingon si Rose para tulungan ang kanyang kapatid na babae na may dalang mga kumot.

"Mayroon tayong mga kumot, tuwalya, at mga costume mula sa kabinet," sabi ni Ellen. "Puwede nating gamitin ang basket na ito bilang kunwa-kunwariang sabsaban." Iniabot niya kay Rose ang isang malaking basket. Naglagay si Rose ng malambot na kumot sa loob nito para sa sanggol.

"Eksakto," sabi ni Rose.

Hinila ng nakababatang kapatid ni Rose na si Jack ang isang kulay abong kumot sa kanyang ulunan at gumawa ng isang nakakatawang ekspresyon sa mukha. "Puwede ba akong maging asno?"

Tumawa si Rose. "Hindi puwede, ano ka ba! Gusto mong maging isang Pantas na Lalaki, di ba?"

"Oo nga pala!" sabi ni Jack. Kinuha niya ang laruang korona at inilagay ito sa kanyang ulo.

Maya-maya ay may kumatok sa pinto.

"Nandito na sila!" sabi ni Rose. "Ako na ang magbubukas."

Hindi naglaon ay napuno ng masasayang tao ang bahay. Tinulungan ni Rose ang lahat na isuot ang kanilang mga costume. Ang mga sister missionary ay ang mga pastol. Ang kanyang mga kapatid na lalaki ang naging mga Pantas na Lalaki. Ang cute na sanggol ang naging sanggol na Jesus, at ang kanyang mga magulang ay naging sina Maria at Jose.

Nagsuot si Rose ng malambot at puting sumbrero. Isa siyang tupa.

Sa wakas ay bihis na ang lahat at handa nang magsimula. Binuklat nina Elder at Sister Yancey, isang mag-asawang missionary mula sa kanilang ward, ang Bagong Tipan sa kuwento ng Kapanganakan. Binasa nila nang malakas ang mga talata. Isinadula ng lahat ang kanilang bahagi.

Pagkatapos ng kuwento, kumanta ang lahat ng "Kay Tahimik ng Paligid." Nakadama ng sigla at saya si Rose. Alam niyang ang nadarama niya ay ang Espiritu Santo. Parang malapit si Jesus sa kanyang puso.

Pagkatapos ng awitin, ipinalabas ni Nanay ang video na "Samuel and the Star [Si Samuel at ang Bituin]." Nagdasal si Ellen. Pagkatapos ay inilabas nila ang mga pangmeryenda. Ang lahat ay masayang nag-uusap.

"Ano ang paborito mong bahagi?" tanong ni Sister Yancey.

"Gusto ko ang pagkanta," sabi ni Ellen. "At ang pakikipaglaro sa sanggol na Jesus." Itinayo ni Ellen ang sanggol sa kanyang kandungan. Nakipaglaro siya sa kanya mula nang matapos ang awitin.

"Gusto kong magdala ng mga regalo kay Jesus," sabi ni Jack. Suot pa rin niya ang kunwa-kunwariang korona.

"Eh, ikaw Rose?"

Iniunat ni Rose ang kanyang mga bisig at dumipa. "Gusto ko ang lahat!" sabi niya nang malakas. "Pero ang higit sa lahat, gusto ko na nandito ang lahat para ipagdiwang si Jesus. Dahil iyan ang mahalaga sa Pasko." ●

Ang awtor ay naninirahan sa Texas, USA.

PAGLALARAWAN NI JAKE PARKER

Sino ang maaari mong anyayahan para ipagdiwang na kasama mo ang kapanganakan ni Jesus sa taong ito?

Si Samuel at ang Bituin

Noong mga unang panahon, at sa ibayong-dagat, isang tao ng Diyos na nagngangalang Samuel ang nagpropesiya.

Marami siyang ikinuwento sa mga tao tungkol sa pagsilang ng ating Tagapagligtas. Binanggit niya sa kanila si Jesucristo, at kung paano Siya naparito sa mundo.

Hindi nakinig ang mga tao. Puno ng pagdududa ang kanilang mga puso. Kaya dinala nila si Samuel sa pintuan ng lungsod at inihagis siya palabas.



Ngunit ayaw sumuko ni Samuel. Kinailangan niyang ipaalam iyon sa kanila. Umakyat siya sa ibabaw ng pader ng lungsod at nanawagan sa kanila na nasa ibaba.

"Sa loob lamang ng limang taon paparito ang Panginoon, sa isang mabituing gabi, upang iligtas ang sangkatauhan mula sa lahat ng kanilang kasalanan, at ibigay sa sanlibutan ang Kanyang liwanag."

"At kahit sa loob pa ito ng limang taon, at kahit malayo pa, lulubog ang araw, magsisimula ang gabi, ngunit maningning iyon na parang araw."



Sumiklab ang galit ng mga tao at nagdabog sila. Wala raw darating na Cristo. Inihagis nila ang kanilang mga bato. Nagliparan ang kanilang mga palaso. Walang tumama sa kanya, ni isa.

Naghintay ang matatapat, na pigil ang hininga, sa pag-asang mamamasdan nila—ang bituin, ang liwanag, ang mga pangako, na mas mahalaga kaysa ginto.

At pagkaraan ng limang taon, sa Bet-lehem, naka-himlay si Cristo sa isang sabsaban. Nakita nila ang liwanag at nalaman na Siya ay dumating na, ang kanilang Tagapagligtas, ang Panginoon ng lahat.

At tulad ng palaging nangyayari, kapag napakatapang ng mga propeta, tinutupad ng Panginoon ang Kanyang mga pangako, tulad ng pangako Niya kay Samuel noong araw. ●

Maaari ninyong panoorin ang video na ito sa bit.ly/3cz7F2j. O basahin ang salaysay sa Helaman 13–15; 3 Nephi 1:13–15, 21.

Ipinreserba ni Moroni ang mga Banal na Kasulatan para sa Atin

Bumuo ng isang aklat ang propetang si Mormon tungkol kay Jesus. Isinulat niya ito sa mga laminang ginto. Bago siya namatay, hiniling ni Mormon sa kanyang anak na si Moroni na ingatan ang aklat.

Ginawa ni Moroni ang hiling ng kanyang ama. Iningatan niya ang mga lamina. Kung minsa'y kinailangan niyang magtago mula sa masasamang tao. Madalas ay malungkot siya. Pero alam niya na napakahalaga ng aklat.

Dinalaw ni Jesus si Moroni! Ipinakita Niya kay Moroni kung paano matutulungan ng aklat ang maraming taong katulad ko at ninyo. Idinagdag ni Moroni sa mga lamina ang kanyang patotoo. Sumulat siya sa atin na para bang naroon tayong kasama niya.

Sinabi ng Diyos kay Moroni na ibaon ang mga lamina upang mapanatili itong ligtas. Pagkaraan ng maraming taon, isinalin ni Joseph Smith ang mga ito. Ngayo'y nakalimbag na ang mga ito bilang Aklat ni Mormon.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Ang Aklat ni Mormon ay isinulat para sa akin!
Matutulungan ako nito sa anumang problema.
Ito ay isang handog mula sa Diyos. ●

Basahin ang tungkol dito sa Mormon 8 at sa Pambungad sa Aklat ni Mormon.

Ang Aklat ni Mormon ay para sa Akin!

Ano ang natutuhan mo sa Aklat ni Mormon ngayong taon?

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Minamahal Naming mga Magulang,

Ang magasin sa buwang ito ay tungkol lahat sa mga handog. Ang isa sa mga handog na matagal na naming pinagsisikapan para sa inyong pamilya ay ang isang buong magasing *Kaibigan* sa inyong wika!

Narito ang ilang bagay na maaari ninyong asahan sa *Kaibigan* sa 2021:

- Isang buwanang hamon na sama-samang gagawin ng mga bata sa buong mundo para masunod si Jesus
- Mga kuwento ng mga pioneer mula sa maraming bansa
- Mga Church-history card
- Mas marami pang kuwento mula sa mga bata sa iba't ibang panig ng mundo!

Dahil hindi makakasama sa bagong bersiyon ng *Liahona* ang magasin na *Kaibigan*, maaari kang mag-subscribe sa *Kaibigan* sa store.ChurchofJesusChrist.org o sa isang lokal na distribution center ng Simbahan. Ang anumang natitirang panahon sa iyong suskrisyon ng *Liahona* ay awtomatikong idaragdag sa bagong *Liahona*.

Nagmamahal,
Ang *Kaibigan*

Hanapin ang nakatagong Liahona sa loob!

MGA NILALAMAN

K2 Mula sa Unang Panguluhan: Mga Handog ng Pagmamahal kay Jesus

K4 Ang Tamang-tamang Christmas Tree

K6 Hello mula sa France!

K8 Isang Sorpresa sa Pasko

K10 Mga Halimbawa ng Katapangan: Isang Kaloob na Pagkakaibigan

K12 Pagtatanghal ng Sining tungkol sa Aklat ni Mormon!

K14 Kaibigan sa Kaibigan: Pagdarasal para kay Max

K15 Masasayang Bagay: Maging Ilaw ng Sanglibutan

K16 Belen ng Isang Kapitbahay

K18 Si Samuel at ang Bituin

K20 Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan: Ipinreserba ni Moroni ang mga Banal na Kasulatan para sa Atin

K23 Pahinang Kukulayan: Ang Aklat ni Mormon ay para sa Akin!

SA PABALAT NG *KAIBIGAN*
Paglalarawan ni Kathleen Peterson

© 2020 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN

TAGALOG
4 021677 278931